

ISANG LALONG DAKILA KAYSA KAY SOLOMON ANG NARITO NGAYON



Manatili lamang tayong nakatayo pansumandali, habang binabasa natin ang Salita ng Panginoon. Sa inyo po na nais bumuklat sa pagbasa ng Kasulatan, bumuklat po tayong sa Mateo 12, simulan natin sa ika-38 kabanata.

At doon, nang magkagayo'y nagsisagot sa kaniya ang ilan sa mga eskriba at mga Fariseo, na nangagsasabi, Guro, ibig namin na makakita ng isang tanda sa iyo.

Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila, Isang lahing masama at isang mapangalunya ay humahanap ng isang tanda; at hindi siya bibigyan ng anomang tanda, kundi ng tanda ng propeta Jonas:

Sapagka't kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.

Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas.

Magbabangon sa paghuhukom ang reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

² Iyuko natin ang ating mga ulo. Habang nakayuko ang ating mga ulo't ating mga puso sa Kanyang Presensya, mayroon po bang kahilingan dito ngayong gabi, na nais n'yong maisama sa panalangin? Kung mayroon, itaas n'yo lamang ang inyong mga kamay, haya't pagpapahiwatig 'yan na, "Diyos, dinggin nawa ang kahilingan ko." Ngayon manalangin nang taimtim habang dadako na tayong sa pananalangin.

³ Makalangit naming Ama, itinuturing namin ito na isa sa pinaka dakilang pribilehiyo na nagkaroon kami sa panig na ito ng Kaluwalhatian, itong magkatipun-tipon sa kongregasyon ng mga taong nananampalataya sa Iyo, kung saan maaasam namin ang Iyong Presensya, dahil ito'y ayon sa Iyong pangako. Sinabi

Mo, “Kung saan may nagkakatatipon na dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, ay naroon Ako sa gitna. At kung pagkasunduan nila ang anumang bagay, at humingi, ay kanila itong matatanggap.” Panginoon, ang pinaka dakilang bagay na mapagkakasunduan namin, sa gabing ito, ay ang Iyo nga kaming katagpuin, upang makita namin ang Iyong Presensya, madama Ito sa aming mga espiritu, at mapagkilalang nandito Ka. At sa Iyong Presensya, dama namin na magagawa naming maibuhos ang aming mga puso, sa pananambitan. At habang pinagbubulayan Ka namin, nawa’y madama namin ang dakilang pahiwatig na ito na ang aming mga panalangin ay tutugunin, sa paghingi namin sa mga ito ngayon sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁴ Nais kong kuning paksa, kung loobin ng Panginoon, gamit itong ilang mga Kasulatan na naisulat ko rito, sa susunod na ilang minuto bago tayo dumako sa panalangin sa maysakit, ang paksa tungkol sa: *Isang Lalong Dakila Kaysa Kay Solomon Ang Narito Ngayon*.

⁵ Makikita natin sa simula ng Kasulatan natin ngayong gabi, kung saan makikita ang ating teksto, na si Jesus ay nakikipag-diskusyon sa mga Fariseo. Sinasaway Niya sila, dahil di nila Siya makilala. Isang Tao, na ang mga teologong ito’y sinanay nang mahabang panahon, hinihintay ang panahon ng Kanyang pagdating, at pagkatapos, nung dumating na Siya, ay di naman nila Siya nakilala at tinawag pa Siyang, “diyablo.” Sinasabi pa nilang ang pagmi-ministeryo Niya’y sa diyablo raw, dahil kaya Niyang kilalanin ang mga pag-iisip na nasa kanilang mga puso, at dahil sa ganun iniisip nila na isa Siyang kung anong—kung anong salamangkero o manghuhula; at batid ng lahat na kapag ganun ay masamang espiritu ’yun. At mangyaring, ang tawagin ang gawa ng Diyos na, “masamang espiritu,” ay pamumusong.

⁶ At sinabi Niya sa kanila na patatawarin Niya sila sa bagay na ’yun, dahil hindi pa noon dumarating ang Espiritu Santo upang palambutin ang kanilang mga puso at nang sa—sa gayon ay ilagay sila sa kalagayan na napag-uunawaan nila ang Diyos. Malayong-malayo ang puso nila sa Diyos. Ang tanging alam lang nila’y malamig na teolohiya ng kautusan, at di pa nila natatanggap ang Espiritu Santo. Subalit sinabi nga Niya na sa, “Pagparito ng Espiritu Santo at gagawin ang gayunding bagay, ang magsalita laban Doon, ay hindi ito kailanman ipatatawad sa sanlibutang ito ni sa sanlibutang darating.”

⁷ At iniisip ko nga habang binabasa ko ito, nitong hapon, at pinagbubulay ito, ’yung kung paanong sila, may isa sa kanila, na dumulog sa Kanya, sa paligoy-ligoy na paraan, at tinanong Siya, ang sabi, “Guro, ibig naming makakita ng isang tanda sa Iyo.” Sa madaling sabi, ang mga Judio’y tinuruan na maniwala sa mga tanda. Naghahanap ng mga tanda ang mga Hudyo, sa tuwina; at

ang mga Griyego nama'y karunungan. At makikita natin diyan na ang mga Judio'y sumasalalay sa isang tanda.

⁸ Ngayon, grabeng—grabeng laking pagkastigo 'yun laban sa Fariseong ito, na siyang dapat nakakaalam sa mga Kasulatan, na ang tanda ng Mesiyas, ay ginawa na ni Jesus mismo, at ang kaso'y ang mga mata naman niya'y labis na nadiliman na hindi niya napagkilala 'yun. Ibinigay na ni Jesus, ibinigay na ni Jesus sa kanya ang tunay na tanda ng Mesiyas batay sa Kasulatan na ipinangako sa Kasulatan. Subalit naghahanap pa rin siya ng kung anong ibang tanda.

⁹ At grabeng katotoo 'yan sa mga tagapagturo sa panahon ngayon, at sa mga tao sa panahon ngayon. Nakikita na nila ang isang bagay na katibayan at nasa Kasulatan, na ipinangako ng Diyos, para sa kasalukuyang panahon. At kitang-kita na nila Ito, pero may hinihintay pa rin silang iba, may gusto pa rin silang makitang iba, at di tinatanggap ang tanda ng panahon.

¹⁰ Sinabi Niya sa kanila minsan, sabi, “Kayo'y marurunong magsikilala ng kalangitan kapag ito'y kulimlim, mapula. Sinasabi n'yo pa nga, kapag ito'y kulimlim at mapula, 'bukas ay uunos,' at kung ano pa.” Pero ang sabi, “Kayo'y marurunong magsikilala ng mga tanda sa kalangitan, subalit, mga tanda ng panahon, hindi ninyo maunawaan.” Mangyari namang sinabi ng Kasulatan na ang Mesiyas na ito'y lilitaw na isang propeta.

¹¹ Alam nating ang pamamaraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay-bagay kahit noon pa man ay ang magpadala ng propeta para patotohanan ang Kanyang mensahe. Hindi 'yun pumalya. Hindi 'yun kailanman papalya. Hindi kasi maaaring baguhin ng Diyos ang pamamaraan Niya. Kung ano 'yung una Niyang napagpasyahan, kinakailangang manatili 'yun na ganun. Kung ano ang sabihin Niya ay 'yun na ang totoo.

¹² Hindi kailanman malakihang grupo ang pakikipag-ugnay ng Diyos. Palaging indibiduwal Siya makipag-ugnay. Ganoon ang pamamaraan Niya ng pagkuha ng mga tao mula sa mga Gentil para sa Kanyang Pangalan; palaging indibiduwal, isa sa dako rito at doon, para sa Kanyang Pangalan. Indibiduwal ang pakikipag-ugnay ng Diyos, hindi grupo-grupo.

¹³ At nakita natin ang dahila't sinampalatayanan nila ito, ay dahil ang isang propeta'y kinakailangan na mapagkilalang saksi talaga ng Diyos. Na kung may sabihin siyang kung anong bagay, at mangyari 'yun; at may sabihin siya uli, at mangyari 'yun; at anumang sabihin niya, ay pinapatotohanan ng Diyos na totoo talaga, hayang nga't ang sabi Niya, “Pakinggan ninyo siya, sapagkat Ako'y sumasakanya.”

¹⁴ Ngayon nakita natin na si Moises, na sinasabi nilang pinaniniwalaan nila, ang nagsabi sa kanila na, “Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw sa inyo ng isang Propetang gaya

ko, sa Kanya'y dapat makinig ang bayan. At ang lahat ng di sasampalataya sa Propetang ito ay mahihiwalay sa bayan."

¹⁵ Nakita nating nagkatotoo 'yun. "Siya'y naparito sa Sariling Kanya; Siya'y hindi tinanggap ng Sariling Kanya. Datapuwat ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatan, pinagkalooban sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos."

¹⁶ Nakita nga natin kung paanong ang mga Fariseong ito na nakita nila mismo, at mga Saduceo, ang eksaktong sinasabi ng pangako ng Diyos na gagawin Niya. At sa kabila nun ay sila'y nagsihanap pa rin ng ibang tanda, walang kamalay-malay na iyon na ang tunay na tanda ng Mesiyas na Kanyang ibibigay sa kanila.

¹⁷ Si Felipe'y napagkilala 'yun, noong sabihin Niya sa kanya kung nasaan siya isang araw ang nakalipas. Napagkilala niya na iyon talaga ang Mesiyas, sabi, "Ikaw ang Cristo, at Ikaw ang Hari ng Israel." At mangyaring kanyang-kanyang napagkilala 'yun dahil nailagay siya sa katayuang 'yun. Siya nga.

¹⁸ Sinabi ni Jesus, "Walang makalalapat sa Akin maliban na ilapat Siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapat sa Akin." Kahit ipagpilitan pa nating makapasok sa anumang ibang paraan, sa pamamagitan lang talaga ng Diyos. "Hindi sa may ibig, o sa tumatakbo, ito'y sa Diyos na naaawa." Ang Diyos ang Siyang gumawa ng pagpili. "Ako'y hindi ninyo pinili," sabi ni Jesus, "Ako ang pumili sa inyo."

¹⁹ At ngayon nakita natin na ang anti-Cristo, sa huling araw, "ay dadayain ang lahat ng mga nananahan sa lupa, na hindi nakasulat ang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero buhat nang itatag ang sanlibutan." Ang pangalan mo'y nalagay na sa Aklat ng Diyos bago pa man patayin ang Cordero. Noong mailadlad na ang Kanyang programa, sa buong kabuoan nun, napagkilala ka na sa programang 'yun dahil mayroon ka ngang Buhay na Walang Hanggan. Ang salitang *Walang Hanggan*, ay di kailanman nagpasimula at hindi rin magwawakas, at kayo nga'y katangian na ng kaisipan ng Diyos bago pa man malikha ang sanlibutan. Kaya iyon lang ang natatanging paraan upang magkaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan. At ang Buhay na 'yun, haya't nasa kaisipan ka na Niya noon pa man, ay nariyan na sa inyo ngayon. Walang paraan para maihiwalay ito. Ito'y mananatili na riyon.

²⁰ Pansinin n'yo ngayon, ang mga Fariseong ito, bagama't sila'y relihiyosong mga tagapagturo, mga natatanyag na iskolar ng teolohiya, at pinag-aralan pa nang pinag-aralan ang Aklat, araw at gabi, hetong bigo silang makita ang tanda ng pagiging Mesiyas, at hayon silang nagpupumilit pang humingi sa Kanya ng isang tanda.

²¹ Heto po't palalawigin ko lamang ang bagay na ito, upang ipabatid sa inyo na ang Diyos nga'y nagbibigay naman talaga sa tuwina ng mga tanda. Dahil nga Siya'y sobrenatural, palagi Siyang nakikipag-ugnay sa mga tao sa pamamagitan ng mga tanda, mga tandang nakaayon sa Kasulatan.

²² Sa Lumang Tipan, sa tuwing sila'y may—may katanungan, may taong makakapanaginip ng panaginip, at walang—walang propeta roon, dadalhin nila 'yung taong 'yun sa templo, kung saan may bagay sila roon na kung tawagin ay Urim Thummim. Sa mga tagapagturo rito ng Biblia nauunawaan n'yo itong ibig kong sabihin dito. Yun 'yung—'yung pektoral na suot-suot noon ni Aaron, na may labindalawang bato na kumakatawan sa labindalawang angkan ni Israel. Isinasabit nila 'yun sa isang haligi; at kapag ang propetang ito, o mapapanaginiping ito, o anupaman siya, ay saysayin niya dun ang kanyang pangitain o kanyang panaginip, kahit gaano pang tila napakatotoo nun, kung hindi umilaw ang mga sobrenatural na mga liwanag dun, hindi magliwanag ang Urim Thummim sa pektoral na 'yun, ibig sabihin tinanggihan 'yun. Hindi 'yun tinanggap ng Diyos.

²³ Kinakailangan ngang sobrenatural na tanda 'yun mula sa Diyos, upang mapagtibay. Kahit gaano pang grabeng katotoo 'yun, gaano pang kalalim 'yun sa teolohiya, gaano pang kainam 'yun sa pakinig, 'yun pa ri'y, kung hindi 'yun pagtitibayin ng sobrenatural na tanda ng Diyos, walang kabuluhan pa rin 'yun, para sa mga Judio.

²⁴ Ngayon, ang Lumang Tipan, ang pektoral ni Aaron ay wala na, kasama ng Matandang Tipan.

²⁵ Subalit sa Bagong Tipan, nanatili pa rin ang Diyos sa Urim Thummim. Ibig sabihin, kung may propeta, mapapanaginipin, teologo, o anupaman siya, na magsasalita ng taliwas sa Salita, at di 'yun sinasang-ayunan ng Diyos doon sa Salita, di ko 'yun papansinin, dahil Ito na mismo ang Urim Thummim ng Diyos. At nananampalataya ako nang buong puso ko, na ito'y Salita talaga ng Diyos.

²⁶ At ang Diyos ay ang Kanya Mismong Salita. “Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” “Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Siya, pa rin. Hindi nangangailangan ang Diyos ng sinumang tagapagpaliwanag.

²⁷ Mahilig tayong magpaliwanag, sinasabi natin, “*Ganito, ganito* ito, at *ganito* ito,” at kung anu-ano pa.

²⁸ Hindi nangangailangan ang Diyos ng tagapagpaliwanag. Siya mismo ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag. Hindi tayo kailangan ng Diyos para ipaliwanag ang Kanyang Salita. Sa Biblia, nasusulat Dito, at sabi Dito Ito'y hindi dapat magbuhat sa sariling pagpapaliwanag. Sinabi ng Diyos, dun sa pasimula,

“magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Yun na ang pagpapaliwanag nun. Sinabi ng Diyos, “isang dalaga ang maglililihi,” at naglihi nga. Yun na ang pagpapaliwanag nun. Hindi Nito kailangan ng sinupaman para ipaliwanag pa ’yun.

²⁹ Sinabi ng Diyos, sa araw na ito, ang mga bagay na ito’y mangyayari, at naganap nga. Hindi na nun kailangan ng ano pang pagpapaliwanag. Ang Diyos mismo ang gumagawa ng Kanyang Sariling pagpapaliwanag. Ipinangyayari ’yun. Kahit ipagpilitan pa nating baluktutin Ito, at sabihin, “Hindi ganyan ang ibig sabihin *Nito*, at hindi ganyan ang ibig sabihin *Nun*.” Yun ang eksaktong ibig sabihin nun, at ang Diyos mismo ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag. Pinagtitibay Niya ang Kanyang Salita, at ’yun na ang Kanyang pagpapaliwanag Dito, dahil napangyari Ito.

³⁰ Ngayon nakita nga natin ang mga taong ’yun, dito sa ika-12 kabanata ng Mateo, ika-38 hanggang ika-40 talata, at kanilang hinihiling sa Kanya, “Guro, ibig naming makakita ng isang tanda sa Iyo.”

³¹ At napagsalitaan nga Niya sila nang mabibigat dahil hindi sila nanampalataya sa Kanya, at tinawag pa nila ang mismong Espiritu na nasa Kanya na, “masamang espiritu,” sa kawalan nila ng pananampalataya, dahil hindi nila Siya mapagkilala na kauri ng kanilang—kanilang mga ministro. Di nila mapagkilala (ang Kanyang) kung saan Siya nagmula. Hindi nila alam kung sa alin kayang paaralan Siya nagmula, kung Siya ba’y Fariseo o marahil Saduceo; at hayan pang sa tuwi-tuwina na lang ay panay pagbubuwag sa kanilang institusyon ng—ng teolohiya, at pagtawag sa kanila na kalipunan ng “mga ulupong.” At, tuloy, di nila mapagkilala Siya kung saan ba nanggaling. At kaya, “Saan nagbuhat ang Lalaking ito? Hindi namin alam kung saan Siya nagmula.” At hindi nila napagkilala ang mismong tanda, na Siya na pala ang Mesiyas, na dumating.

³² Ngayon, katulad nga nung munting babae sa may balon, na ipinangusap natin dito nung isang gabi bago kagabi. Nakilala ’yun ng babae, at may bagay na ginawa ito sa kanya. At ’yung mga taong nakakilala dun—dun, sila ang mga binhi ng Diyos na tinawag para sa panahong ’yun.

³³ Ang Diyos, sa tuwina’t lahat ng pagkakataon, noon pa ma’y nagkakaloob ng espirituwal na mga kaloob sa Kanyang bayan. Sa ganun nga Siya napagkilala’t nalalaman, sa pamamagitan ng espirituwal na kaloob. At sa tuwing magpapadala ang Diyos ng espirituwal na mga kaloob para sa Kanyang bayan, at ang espirituwal na kaloob na ’yun ay tatanggihan, mangyari ngang ang—ang mga taong ’yun ay mapapadpad sa kadiliman ng kaguluhan. Sa tuwina ’yan, sa pagdaan ng mga kapanahunan, sa tuwing ang Diyos ay magpapadala ng isang bagay sa mga tao, isang kaloob, at tatanggihan nila ’yun, ang mga taong

'yun ay tatanggihan ng Diyos dahil tinanggihan nila ang habag ng Diyos.

³⁴ Oh, grabeng kaligtasan ito, ngayong gabi, grabeng higit na kaligtasan ito kumpara sa lahat ng kublihan sa pambobomba at—at lahat ng dakong maiisip natin, kung ang bansang ito, na itinuring pa naman ding Cristianong bansa, ay tatanggapin ang kaloob ng Diyos na ibinigay rito, ang dakilang Espiritu Santo na ibinuhos nang lubos sa huling mga araw na ito. At mangyari ngang kung tatanggapin ng bansang ito ang Bagay na 'yun, magiging lalong higit na kaligtasan ito kumpara sa anupamang makakublihan nila. Pero tinanggihan nila Ito, kaya wala nang natitira pa kundi kaguluhan at kahatulan.

³⁵ Sa lahat ng kapanahunan, nagkaloob Siya ng mga dakilang kaloob na espirituwal. At pansinin po sa tuwina sa pagdating ng espirituwal na kaloob, totoong kaloob; nais kong mangusap, isang gabi, tungkol sa “ang Tinig ng kaloob,” kung loobin ng Panginoon. Hayan nga't sa tuwina ang mga kaloob na ito'y ipinahahayag ng mga propeta. At sa tuwing makakakita kayo ng propeta na lumilitaw sa eksena, ipinapakita lang n'yan na napipinto na rin ang paghatol. Ngayon isa nga 'yung tanda, sa tuwing may makikita kang napagkilalang propeta ng Diyos na lilitaw sa eksena; sa mga araw man ni Jeremias, sa mga araw man ni Daniel, sa mga araw man ni—ni Juan Bautista, sa mga araw man ng Panginoong Jesus, at sa lahat pa na nagdaan. Sa tuwing may lilitaw na propeta sa eksena, 'yun nga ang oras na sasalitain na ng Diyos ang Kanyang Salita. Tatanggihan 'yan ng mga bansa, at pagkatapos ay iiral na ang kaguluhan.

³⁶ Ganoon ang nangyari sa pagpapalit ng mga kapanahunan ng iglesya, sa bawat pagkakataon, na tanggihan ang mensahe. Haya't nagkaloob ang Diyos ng mga kaloob at mga mensahe sa mga tao, at tinatanggihan naman nila ang mga ito, kaya naman wala nang natitira pa kundi kahatulan.

³⁷ Matuwid ang Diyos. Hindi Siya magpapadala ng kahatulan kung hindi muna Siya mag-aalok ng habag. At ang habag ay pauna nang sinasabi at kung paano ito darating, pero ang mga tao'y madalas na labis na naguguluhan, at nagugulumihan sa isip nila, at napakaraming iba't ibang gawang-taong panukala, na di na tuloy nila mapagkilala Iyon. At ganoon nga lagi ang nangyayari sa tuwina.

³⁸ Ngayon nalaman natin na sinabi Niya sa kanila na, “Ang isang—isang lahing masama at mapangalunya ay mapaghanap ng mga tanda.” Makailang ulit na ring ang mga hindi maka-panampalataya'y nabigyan ng maraming pagkakataon, tungkol sa mga tandang itong nakabatay sa Kasulatan, at di man lang nila 'yun masampalatayanan!

³⁹ Ang Diyos ay laging nangungusap sa pamamagitan ng mga tanda. Noon pa man ay ginagawa na Niya ito. Kanya ngang

gagawin ito kailanpaman. Hangga't may daigdig, mangungusap Siya sa pamamagitan ng espirituwal na mga tanda. Pauna na Niyang sinabi na ang mga ito'y darating.

⁴⁰ Ngayon maraming di mananampalataya ang tinamaan nun, nung sabihin Niya, "Ang isang masama at, o, mahina at lahing mapangalunya ay mapaghanap ng mga tanda."

⁴¹ Masdan, nangungusap Siya sa isang tambalang propesiya rito. Mangyaring sinasabi Niya sa kanila na sila'y mahina at lahing mapangalunya; at gayundin na sinasabi sa kanila na anumang mahina't lahing mapangalunya, at may parating pa, na tatanggap ng tanda. Pansinin, sabi Niya, "Ang isang lahing mahina at mapangalunya ay mapaghanap ng tanda; at hindi sila bibigyan ng anupamang tanda, kundi ng tanda ni Jonas. Sapagkat kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena, sa loob ng tatlong araw at gabi; ay gayunding mapapasa ilalim ng lupa ang Anak ng tao, sa loob ng tatlong araw at gabi."

⁴² Ano itong ipinapangusap Niya rito? Ang ipinapangusap nga Niya rito, ay, "Ang isang lahing masama at mapangalunya ay tatanggap ng tanda ng pagkabuhay na mag-uli." At ano pa bang ibang kapanahunan na narating natin, ang sasahol pa sa kapanahunan ngayon, na isang lahing tinatanggihan si Cristo, masama, baluktot, mapangalunyang lahi? At sila'y tatanggap ng tanda, tanda ng pagkabuhay na mag-uli, na si Jesus Cristo ay buhay na buhay ngayong gabi kung papaanong buhay na buhay Siya noon pa man. Bumangon Siya mula sa mga patay, kaya naman nanatili Siyang siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. "Ang isang mahina at mapangalunyang lahi na mapaghanap ng tanda, ay kanilang tatanggapin ito, at ang tandang ito ay tanda ng pagkabuhay na mag-uli." Ngayon, siya nama't, nangungusap Siya sa kanila, patungkol sa pagbangon Niya mula sa mga patay.

⁴³ Maraming beses, ang Kasulatan ay may magkakalakup, o tambalang kahulugan. Gaya dito sa Mateo 3, sabi rito, "Upang maganap ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na sinasabi, 'Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking Anak.'" Ngayon kung isasaguni n'yo 'yan pabalik, nasa Hosea 'yan, at nagpropesiya siya roon, "Mula sa Egipto ay tinawag Niya ang Anak ng Diyos," tinutukoy si Israel. Si Jacob ay anak ng Diyos, at Kanyang tinawag siya mula sa Egipto. Dun nga kayo ituturo ng sanggunihan. Pero, gayundin, si Cristo ang Kanyang mas dakilang Anak, at Kanyang tinawag Siya palabas, Israel ang naging tipo.

⁴⁴ At kaya naman ito rito'y tipo ng pagtangi kay Cristo, sa salinlahing 'yun; itong isa'y mas malubhang tipo, dahil 'yung salinlahing 'yun noon na tumanggi sa pagkabuhay na mag-uli ay nabigyan ng kapatawaran, pero ang salinlahing ito ngayon na ginagawang katatawanan ang Espiritu Santo ay wala silang

kapatawaran. Tayo’y... Mas malubha nga ang tumatangi sa Espiritu Santo kaysa dun sa tumanggi kay Jesus Cristo noong mga araw na nagkatawang-tao Siya sa lupa. Sinabi ’yun ni Jesus, “Magsalita man kayo laban sa Anak ng tao,” noong paratangan nga ng mga tao na isa Siyang manghuhula o kung anong masamang espiritu, sabi, “magsalita man kayo laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad ito sa inyo. Ngunit sinuman na magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi ito ipatatawad sa kanila sa sanlibutan mang ito,” ito ngang, pagpapatang sa Espiritu Santo na masama raw, at maruming bagay, sa tuwing makikita nila ang gawa ng Diyos na natutupad.

⁴⁵ Oo, si Jonas ay saksi sa muling pagkabuhay, dahil napasa tiyan siya ng balyena sa loob ng tatlong araw at gabi. Marami ang nakasanayan nang hatulan si Jonas, at sasabihin pa, “Oh, heto, mga kasama, isa siyang Jonas.” Si Jonas ay isang propeta. Lumalakad siya mismo sa kalooban ng Diyos. Yung pagsakay niya sa maling barko at pagtakas, kailangan ’yung maganap, kinailangang mangyari ’yun upang ipakita ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Kinailangan niyang gampanan ’yun, katulad na lang nung ginampanan ni Hagar na pinalayo siya, nang sa gayon ang babaing malaya ay di magmanang kasama ng babaing alipin. Ang mga bagay na ito’y kinailangan ngang mangyari, mga anino’t tipo ito ng mga bagay na darating.

⁴⁶ Ngayon nalaman natin, dumako Siya pagkatapos, matapos banggitin si Jonas, heto Siyang dumako sa panahon naman ni Solomon. Ngayon, batid nating lahat na yaong kapanahunan ni Solomon ay ang Milenyum, halos, ng Lumang Tipan. Iyon ang pinaka maluwalhating panahon, sa lahat ng panahon ng Israel, ang paghahari ni Solomon; walang digmaang naisalaysay, at sila’y nagtamasa ng napaka saganang panahon. Pinagkalooban ng Diyos si Solomon, na isang anak ni David, pinagkalooban siya ng kaloob ng espirituwal na pagkilala, at nang sa gayon magawa niyang kilalanin ang mga pag-iisip na nasa puso ng mga tao.

⁴⁷ Ngayon, ang dapat sana’y napagkilala ’yun ng kahit sinong Hebreo na nakatayo roon! Si Solomon ay may—may kaloob ng espirituwal na pagkilala at nagagawa nga niyang kilalanin ang pag-iisip na nasa kanilang puso, at lahat sila’y nagpahiwatig noon ng suporta kay Solomon, at samantalang heto na ngayon na nakatayo ang isang lalong dakila kaysa kay Solomon. At si Solomon nga’y anak ni David, pero mas mababang anak siya ni David, sa pamamagitan ng laman; at si Jesus naman ang Anak ni David, sa pamamagitan ng Binhi ng pangako, maharlikang Binhi. At hayun na nga ang lalong dakila kaysa kay Solomon na nakatayo roon, ginagawa ang siya ring mga gawa na ginawa noon ni Solomon, nang mas lalong higit pa nga kay Solomon, at nagawa pa rin nilang tawagin itong “Beelzebub.”

⁴⁸ Nakikita n’yo ba ang pagkakapaliwanag ng Kasulatan? Di na nga nakapagtata kang sinabi Niya ang sinabi Niya, “Isang

lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng tanda; at makukuha nila 'yun, itong tanda ng muling pagkabuhay.”

⁴⁹ At nung panahon ni Solomon, nagkaroon dun noon ng dakilang rebaybal. Sige po't bibigyan ko kayo ng kaunting paglalarawan dito, para maintindihan ng mga kabataan. May dakilang rebaybal nga na nagaganap noong mga araw na 'yun ni Solomon. Nagkaloob ang Diyos ng kaloob, at sinusupportahan 'yun ng buong bansa. Nagsisipunta silang lahat. Naniwala sila roon, nang buong puso nila.

⁵⁰ Hindi ba't napakagandang bagay n'yan kung mangyayari 'yan sa kalagitnaan ng mga tao ngayong gabi, kung ang buong Amerika, lahat ng mga tao na tinatawag nila ang kanilang mga sarili na Cristiano'y, magpapahiwatig ng suporta sa paligid ng kaloob ng Diyos sa huling mga araw na ito, dito sa pagbuhos ng Espiritu Santo sa mga tao! Yan ang kaloob ng Diyos sa huling araw na ito, itong Espiritu Santo. Si Cristo, sa anyong Espiritu, nandito Siya ngayon kapiling natin. Hindi baga't napakaganda kung ang lahat ng mga iglesyang nagsasabing mga Cristiano sila, ay magpapahiwatig ng suporta sa dakilang kaloob na ito na ipinagkaloob sa atin ng Diyos?

⁵¹ Pero bakit nga ba? Nalihis kasi sila dahil sa lahat nitong sari-saring ismo at mga kredo at mga dogma, at di mo na tuloy masabi kung ano ang ano. Ganoon na ganoon ang ginawa nila noon. Pero nangako ang Diyos na maitutuwid ito, sa Binhi, anupa't anuman, sa huling panahon.

⁵² Ngayon pansinin dito nga'y, nakita natin na ang lahat ay nagpahiwatig ng suporta sa paligid ng dakilang kaloob na 'yun, at kaya naman ang Israel ay umunlad ng pag-unlad na di pa nila nararanasan kahit kailan. Lahat ng bansa'y takot na takot sa Israel; takot na takot silang lumusob, dahil alam nilang ang Diyos ay kasama nila.

⁵³ At sinasabi ko nga sa inyo, nababanggit n'yo ang tungkol sa pagsawata sa komunismo at lahat na; hayaan n'yo lang na manumbalik ang Amerika sa Diyos, manumbalik sa kanyang kaloob, manumbalik sa Espiritu Santo, at ang mga tao'y titigil na sa kasisigaw tungkol sa komunismo. Kumbaga sa bulate'y walang ititira't pupurgahin lahat na kahit mga komunista'y magtatanghal ng mga pagtitipon laban sa komunismo, para ipahiwatig nila kung sino silang talaga. Magiging ganun 'yun dapat. Pero dapat munang manumbalik sila!

⁵⁴ Dito nga hindi pa katagalan, sa Finland. Si Kapatid na Lindsay, sa palagay ko, nandito siya—siya kagabi, kasama ko nga siya noon nung mangyari ito. Isang batang lalaki, na nakita ko rito sa pangitain, binuhay siya mula sa mga patay, sa dako roon. Marami sa inyo, sa palagay ko, ang nakasulat pa rin 'yun sa inyong mga Biblia, habang naglilibot ako sa buong bansa, binabanggit ko kung anong magiging itsura ng batang ito, kung

paanong puwesto niya, at iba pa. At ibinangon nga siya mula sa patay, ayon sa Salita ng Panginoon. Napatay ang batang ito nung masagasaan siya ng sasakyan. Marami sa inyo ang tanda pa ang pangyayaring ito, at nandun noon nung ibangon ang batang ito mula sa patay.

⁵⁵ Nung gabing 'yun, sa daan namin papuntang Messuhalli. Si Kapatid na Linday at ako, at Kapatid na Moore, at marami sa kalalakihan, nagsumikap kaming makapunta sa Messuhalli; at doon, libo-libo ang nagsipagdagsaan, gusto nilang mangusap ako sa kanila, tapos pauwiin sila at mangungusap naman sa panibago. Dun sa daan namin papunta dun, nasa apat o limang seksyon ng lungsod ang binarikadahan. Ang mga tao'y nasa—nasa kalsada na, inaabangan ang pagdating namin at paglabas. At sa dakong 'yun, may munting batang babae na nakasaklay, maiksi 'yung isa niyang binti kaysa sa isa, pinagaling siya, at napakaraming bagay ang naipangyari dun.

⁵⁶ Mangyaring itong pagkabuhay ng munting batang lalaki na ito, naibalita ito roon. Wala silang rock-and-roll at ganung mga bagay, sa Finland, o wala pa silang ganun noon. Balita lang at mahahalagang bagay, ang mayroon sila sa radyo. At umabot ang balitang ito hanggang Rusya. Kung nakatira ka sa Rusya, at nasa apatnapung milya ka mula sa iyong tahanan, o lugar ng kapanganakan, kakailanganin mong magkaroon ng visa para ideklara ang pakay mo. At 'yung—'yung Iron Curtain ay nasa halos . . . dumaan kami mismo roon, kung saan nakaumang ang mga machine gun sa kalsada, sa labas lang ng Kuopio. At nung gabing 'yun, kumalat ang balitang ito, at ang kalsada'y napuno ng libo't makailang libong mga taga-Rusya.

⁵⁷ Nandun ang ilang komunistang sundalo, mga sundalong Ruso, suot-suot nila 'yung pabilog na gorang 'yun; at may anim na kabataang lalaki dun, katatapos lang ng giyera noon, kay babata pa ng mga kabataang lalaking ito para magka-balbas, makikinis ang mga mukha nila't batang-bata pa; suot-suot nila ang malalaki't lumang bota, malalaki't mahahabang balabal, nagpunta sa kalsada, may sukbit-sukbit na mga espada't ilang bagay, nagbabantay para makadaan ako sa kakapalan ng mga tao, para makapasok ako. Naroon nga't nakatayo rin dun ang mga Ruso. Pagdaan ko, tumindig sila nang tuwid, tumayo nang paganito, at may mga luhang tumutulo sa kanilang mga pisngi. At nung makadaan na ako, bumaling sila sa mga sundalong taga-Finland at tinapik sila sa likod, at niyakap sila. Anumang bagay na makapagbubunsod sa isang Ruso na tapikin ang isang taga-Finland, 'yun nga'y makapagtatapos ng mga giyera. Sabi nila, "Ito tatanggapin namin ito, Diyos na kayang bumuhay ng patay."

⁵⁸ Yan ang problema sa gabing ito, kaibigan, 'yan mismo. Ang dahilan at naging maka-komunista sila, ay dahil nga sa mga ministro na naging maluwag sa Salita ng Diyos. Salapi na lang

ang habol nila, at wala naman silang ibinibigay pabalik kapalit nun, parang kapi-kapisanan na lang o parang ganun na lang. Yan ang mali sa sanlibutan.

⁵⁹ Tapos nakita natin na dun sa panahon ni Solomon, sila dun ay nagpapahiwatig ng suporta nila sa dakilang kaloob na ito ni Solomon na natanggap niya galing sa Panginoon. At ang mga tao'y nagsisipunta't nagsisidatingan. Lahat ng bansa'y takot sa Israel. Sa halip na makipagdigma sila, nagsisidala sila ng mga handog pangkapayapaan. Hindi sila takot, dun sa, tao mismo, takot sila sa Diyos na naroon kaya naman sila'y nagkakalakip-lakip lahat na nagkakaisa.

⁶⁰ Oh, napakadakilang bagay nga 'yan para sa bansang ito, ngayong gabi, kung magagawa lang nating lahat na matakot sa Diyos, kung magagawa lang nating lahat na magbigay-galang sa Diyos, at tanggapin ang Kanyang kaloob ng Espiritu Santo at magpahiwatig ng suporta nila Rito, na ang bawat iglesya'y gigibain ang kani-kanilang mga kredo't itatapon 'yun sa labas ng pintuan, at luluhod sa altar at mananatili dun hanggang sa dumating ang Espiritu Santo para ipakilala ang Salita Niya sa huling araw!

⁶¹ May ilan sa kanilang pinagpipilitan pa ring sabihin, "Aba, para lamang sa mga Judio ang makatanggap Nito. Hanggang ganito lang Ito."

⁶² Ang sabi ni Pedro, nung Araw ng Pentecostes, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo; sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Hangga't may Binhi nga na naghihintay sa lupa, para tawagin, may Espiritu Santong nariyan para tumawag Dito. Tama. Mapasa hanggang ngayon ay umiiral pa rin ito.

⁶³ Pero nakita natin, na nung dumating Ito, tinanggihan Ito. Yan ang dahilan kung bakit ang bansa ay sumailalim nang tuluyan sa paghatol. Yan ang dahilan kung bakit nagaganap ang mga bagay-bagay gaya ng nangyayari ngayong gabi.

⁶⁴ At nakita natin na nung panahon ni Solomon, hindi naman ganito. Lahat sila'y nagpahiwatig ng suporta sa kaloob na 'yun ng espirituwal na pagkilala na taglay-taglay ni Solomon. At lahat ng bansa'y nagkaroon ng takot sa Diyos. At kumalat ang balita sa lahat ng dako, "Oh, dapat kayong pumunta sa Israel, nagbangon ang kanilang Diyos ng isang kaloob sa gitna nila at ginawa nila siyang hari. At ang karunungan niya, espirituwal na pagkilala niya, ay lampas sa kayang liripin ng tao. Lampas 'yun. 'Nasa dako 'yun ng mga diyos,' sasabihin ng mga pagano. At di namin 'yun maunawaan, pero ang Diyos, ang Diyos nila, ipinakilala ang Sarili sa isa sa mga mananampalataya nila.

At, siya'y, iniluklok nila siya sa isang luklukan, at lahat sila'y nakikinig sa kanya." Alam n'yo, kumalat ang balita hindi sa pamamagitan ng telebisyon, telepono, at kung anu-ano pa, kumalat 'yun sa sabi ng bibig dinig ng tainga.

⁶⁵ Di naglaon nakarating ang balita sa katimugan lampas sa Disyerto ng Sahara, nakarating sa maliit na bansa dun na kung tawagin ay Sheba. May . . . Isa nga 'yung paganong bansa. May munting reyna sila dun, hindi mapasusubaliang isang—isang mabait na munting binibini. At nakarating nga sa kanya ang balita, na, "Ang Diyos ay nagpapairal ng dakilang rebaybal sa lupaing 'yun sa hilaga sa Israel, at kayraming dakilang mga bagay ang nangyayari dun. At may lalaki sila dun na pinahiran ng Espiritu ng kanilang Diyos, na anupa't ang karunungan ng lalaking ito'y lampas sa anumang kayang lirinpin ng tao."

⁶⁶ Alam n'yo, "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita ng Diyos."

⁶⁷ Pinaantig nun ang munti niyang puso. Sinimulan niyang pagbulayan ang bagay na 'yun. At ngayon, sa bawat karawan na magsisidaan sa lugar dun, walang pasubali, na ang reynang ito'y magsusugo ng kanyang mga kawal, at sasabihin, "Nais kong makausap 'yung tao, nang sarilinan, kung galing ang mga taong 'yun sa Israel."

⁶⁸ "Tama po, reyna, nanggaling nga kami ng Israel, at, oh, kamangha-mangha 'yun. Dapat n'yo pong makita 'yun. Wala pong katulad 'yun. Lampas 'yun sa kayang lirinpin ng tao. Alam n'yo po, lahat sila dun ay nagkakalakip na nagkakaisa, bawat isa sa kanila dun ay nakaagapay mismo sa kaloob na 'yun na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos nila, at nagsisisampalataya silang lahat dun nang may pagkakaisa. Oh, 'yun na ang pinaka dakilang bagay sa lahat, at wala talagang nalilihim. Hinahayag ng Diyos ang lahat ng mga bagay. Kung may bansa man na nagbabalak lusubin sila dun, aba, ihahayag sa kanila ng Diyos nila kung saan manggagaling ang kalaban, at—at magagawa nila silang unahan bago pa man makarating dun ang kalaban. Oh, grabeng dakila talaga ang rebaybal na umiiral dun."

⁶⁹ Pagkatapos, alam n'yo, 'yung munting reyna'y nagsimulang magkaroon ng matinding pagkagutom na makita 'yun, mismo.

⁷⁰ Alam n'yo, may kung anong bagay talaga rito, na ang tao'y may kabatiran siya na nanggaling siya sa kung saan; at nandito siya, at di niya alam kung bakit nandito siya; at papunta siya sa isang dako, at di naman niya alam kung saan siya patungo. At iisang Aklat lang 'yan sa buong mundo ang makapagsasabi kung sino ka, saan ka nagmula, ano ka, at saan ka patungo, at 'yan ang Biblia. Ito lang ang tanging makapagsasabi, at Aklat ito ng Diyos. Diyos Mismo na nahayag sa anyo ng salita, na tinatawag na Binhi. Kung ang Binhi na 'yan ay maitanim sa tamang uri ng lupa haya't ibubunga nito ang bawat pangako na sinambit Niya,

dahil ang Diyos Mismo ito. Pero kinakailangan ngang madiligan ito ng pananampalataya, para maipangyari, katulad ng iba pang binhi. May buhay na sa loob. Itinalaga na! Pansinin ngayon.

⁷¹ Nalaman natin na sa ipinangyaring 'yun dun, ang munting reyna'y nagsimulang magutom at mauhaw para sa Diyos. Oh, kung—kung makagagawa lamang ang mga kaloob ng Diyos ng pagkauhaw sa puso ng mga tao ngayon, para sa Kanya, gaya ng ipinangyari sa reyna!

⁷² Ngayon nakita nga natin, at para na rin maunawaan ng mga bata, maliliit na paslit, may isang buong hanay nga sila rito na nakaupo sa banda rito at sa iba pang puwesto, para po maunawaan nila, bibigyan natin ito ng kaunting pagsasadula para sa kanila, para maunawaan nila.

⁷³ Ngayon alalahanin n'yo, isa siyang pagano. Kaya para maisakatuparan ang bagay na 'yun, at kahit isa siyang reyna, kinailangan pa rin niyang humingi ng pahintulot mula dun sa kanyang paganong saserdote, para makapunta siya. At haya't nakikinita ko nga kung papaano siya lumapit sa saserdote at yumuko-yuko pa, at nagsabi, "Dakilang santo padre na *ganito-at-ganoon*, nabalitaan nating ang mga Israelita'y may rebaybal sila sa dako nila roon, at ang Diyos nila dun ay naghahayag ng Kanyang Sarili sa anyo ng tao, sa pamamagitan ng dakilang kaloob, na nagagawa ng taong 'yun na matalos ang pag-iisip ng puso. At sinasabi nila sa akin na Siya ang Salita, at ang Salita ay madaling nakakatalos ng pag-iisip ng puso, at bali-balita nga na kumikilos ito sa isang tao. Nais ko pong humingi ng pahintulot, kataas-taasang santo padre, na makapunta ako roon, at makabisita at makita ko 'yun mismo."

⁷⁴ Buweno, nakikinita ko ang isinagot sa kanya. "Wala tayong kaugnayan sa rebaybal na 'yun," o basta parang ganun ang '64 bersyon nun. Pero, hayan nga, sabi nila—sabi nila, "Hindi sila kabilang sa denominasyon natin. Hindi natin sila kapanalig. Wala tayong kahit anong kaugnayan sa bagay na 'yun, maski katiting. Huwag kang pumunta. At wala naman ang mga 'yun kundi grupo lang ng mga—mga baliw. May mga bali-balita na usap-usapang tumawid daw sila ng Dagat na Pula, at lahat ng ganung kuwento-kuwento, pero wala namang kabuluhan 'yun. *Heto* ang dakila nating diyos, nakikita mo ba siyang nakatayo diyan sa gilid ng pader? Sila'y *ganito-at-ganoon*, at makailang beses silang *ganito-at-ganoon* ang ginawa." Umalis ang reyna na bigo.

⁷⁵ Pero, alam n'yo, may kung anong bagay nga dun, na kung ang Diyos ay maglalagay ng pagkagutom sa puso ng tao, wala ngang puwedeng humadlang sa daraanan nun. Maski pa may suporta o wala, o maski ano pa 'yan, hahanapin at hahanapin niya Yun! Gaya nung nabanggit ko tungkol sa munting babae nung isang gabi, na may pagpupursigi at tiyaga siya. Kita n'yo,

may kung anong Bagay nga na kumapit sa iyo, at nakakapit ka rin sa Bagay na 'yun. Gaya ni Jacob, ang anak ng—ng Diyos; si Jacob, na anak ng Diyos, isang gabi'y nagawa niyang kumapit sa Bagay na 'yun, at kinapitan siya Nun; at hindi na niya Yun pinakawalan hanggang sa makamit niya ang pakay niya, ang mapagpala siya Nun. Ganun, ganun ang tunay na bagay. At kung gagaya-gayahin lang 'yun ng kung sino riyan, hindi 'yun gagana nang tama. Pero kung magagawa mo ngang kumapit sa Bagay na 'yun, at ang Bagay na 'yun ay kakapit sa iyo, ito nga'y mangyayari.

⁷⁶ Kung naparito ka para sa kagalingan, at hahayaan mong kapitan ka ng Espiritu Santo, at kakapitan mo Ito, makakamit mo ang hinihiling mo. Walang rason para ipagkait Ito sa iyo.

⁷⁷ Kung naparito ka na nananampalatayang ililigtas ka ni Jesus Cristo, at may kapangyarihang nagliligtas na kakapit sa iyo, at kakapitan mo Ito, ikaw nga'y maliligtas.

⁷⁸ Kung sumasampalataya ka nga sa bautismo ng Espiritu Santo, at kakapitan ka ng Espiritu Santo, at babautismuhan ka Niya, at kakapitan mo Siya; di mo na kailangang umalis pa sa kinauupuan mo, pupunuin ka Niya ng Kanyang Presensya sa mismong kinauupuan mo ngayon. Gaya ng ipinangyari Niya noon, “Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa kanila na nangakikinig Nito.” May Bagay na kumapit!

⁷⁹ May kung anong Bagay nga na kumapit dun sa munting babaing Sirofenisa na ipinangusap natin kagabi. Kahit gaano pang karami ang humadlang sa kanya, nagpatuloy pa rin siya, ano't anupaman. May Bagay nga na kumapit dito sa munting reynang ito na ipinangungusap natin ngayong gabi, pagano, ibang diyos ang kinikilala. Maging itong munting Sirofenisa, Griyego, pagano, sumasamba sa diyus-diyosan. Pero may kung anong Bagay nga na sadyang kumapit sa kanila, at kumapit sila sa Bagay na ito.

⁸⁰ Palaging may mahirap na pakikibaka sa daan. Inihahagis ni Satanas ang lahat sa daan, sa abot ng makakaya niya, sa tuwing makikita niyang nagsisimula ang tunay na pagkilos ng Diyos. Gagawin niya 'yun sa iyo. Ilalagay niyang lahat, lahat ng hambalang na maihaharag niya, sa daan mo.

⁸¹ Tandaan n'yo, napakaraming hadlang sa babaing ito, pero wala ni isa dun sa pananampalataya niya. Walang hadlang sa pananampalataya. Walang kahit ano ang maaaring pumigil dito, anupaman ang sabi-sabihin ng iba. Kung may tamang kapit ka riyan sa Diyos, kakapitan ka nang mainam ng Diyos; maaaring may apatnapung doktor ang tatayo rito't sasabihin sa iyo na mamamatay ka na, at hindi mo nga paniniwalaan maski isang salita man nun. Hindi, nga. Hindi, nga. Maaaring may apatnapung ministro ang tatayo rito, katulad nung apatnaraan

ni Ahab, mananaig ka; kung isa kang Micaya at kakapit ka sa Diyos, kakapit sa iyo ang Diyos, at makikita mong pinagtibay ito ng Salita, wala ngang kahit ano ang makapipigil sa iyo. Titindig at titindig ka roon, ano't anupaman, dahil may Bagay nga na sadyang nakakapit sa iyo.

⁸² Nahayag sa munting babaing ito, na mayroon ngang Diyos sa isang dako. Nakikinita ko siyang humayo't binasa uli ang mga Hebreong balumbon ng aklat na 'yun, binalumbon 'yun at isinilid sa—sa banga; at pagkatapos binalikan 'yung paganong saserdote, at nagsabi, “May nais po akong sabihin sa inyo, santo padre. Maaaring ganoon nga, ang mga bagay na sinasabi mo. Pero, tingnan mo, sumamba ang lola ko sa imaheng 'yan, binasa niya ang katesismong mayroon ka. Binasa 'yun ng lola ko sa tuhod, binasa 'yun ng nanay ko, lahat ng kamag-anakan ko'y binasa 'yun, tungkol lang ang mga 'yun sa mga bagay na nangyari na. Wala pa akong nakikitang pagkilos nito, ngayon. Pero heto ngang sinasabi nila sa akin na sa dakong 'yun doon ay may bagay nga na tunay, kumikilos mismo ngayon; hindi basta kasaysayan lang, kundi isang bagay na nangyayari talaga ngayon.”

⁸³ “Ngayon tumingin ka rito,” sasabihin nung saserdote, “anak ko. Kung pupunta ka, ititiwalag kita. At wala ka ngang dapat na kaugnayan dun, dahil reyna ka nga, para makisama ka sa mga kung sinong tao lang dun.” Ang lumang diyablong 'yun noon ay nandito pa rin hanggang ngayon.

⁸⁴ Wala nang mas iinam pang grupo ng mga tao sa buong mundo, na masasamahan mo, kundi ang isang naipanganak na muli na iglesyang puspos ng Espiritu Santo. Di ko alintana saan man 'yan nakalagay, sa eskinita man o kung saan. Ito ang pinakamainam na grupo. Isa kasi itong makalangit na grupo, pansinin, mga mananampalatayang sumasampalataya sa Diyos.

⁸⁵ Grabeng lakas ng tibok ng puso niya, dahil sa pananabik. Nagnanais siyang makita 'yun. Nakapakinig lang siya tungkol dun. Wala pa siyang kaalam-alam tungkol dun, pero gusto nga niyang makita talaga 'yun. At naririnig kong parang sinasabi niya, “Buweno, sige po alisin n'yo na ang pangalan ko sa aklat ng mga miyembro, kung 'yan ang gusto n'yo. Lahat ng sinasabi mo, at lahat ng mga imaheng 'yan, at lahat ng mga aklat na 'yan at bagay-bagay, lagi kong nakikita na binabanggit mo ang tungkol sa isang bagay, binabanggit ang tungkol sa bagay na ito. Wala namang pagkilos. Wala pa akong nakikitang pagkilos nun hanggang ngayon. Hinahangad ko na ngayon ang bagay na tunay talaga,” at naghanda na siyang umalis. Nakakalungkot lang na wala na tayong masyadong mumunting mga reynang gaya nun ngayon! Siyanga.

⁸⁶ Kaya hayun na nga't nakita natin dito ngayon, bago siya tuluyang humayo, may ginamit siyang isang napaka inam na

taktika. Nais kong pagbulayan ito ng lahat. Ngayon nabanggit nga niya na wala siyang kaalam-alam dun. Kaya binasa niya ang lahat ng balumbon ng aklat, para malaman kung ano nga ba si Jehovah noon, para makita niya kung paano Siya kumilos sa nagdaan na mga panahon. “Kung ganito nga, ibig sabihin Kanyang ipakikilala ang Kanyang Sarili sa taong ito gaya ng sinasabi nila na ganoon nga siya, at kung ganoon nga ay si Jehovah talaga ’yun. At kung si Jehovah nga ’yun, at Siya’y tunay na Diyos, Diyos ng mga buhay, at hindi ng kung anong rebulto o monumento ng kung anong nilalang na nabuhay o di na nabubuhay; ito nga ang buhay, na Diyos ng kasalukuyang panahon ngayon,” kaya nagnais na siyang makahayo. Ngayon ang sabi niya . . .

⁸⁷ Nagbaon siya sa paglalakbay ng maraming salapi. Nagdala siya ng ginto, at mira at, oh, may kamangyan pa, sa palagay ko, at pilak. At pinuno niya nun ang mga kamelyo. Ngayon sinabi niya ito, “Paroroon ako. Sisiyasatin ko ’yun, mismo. At kung tunay talaga, susuportahan ko ito; kung hindi naman, wala akong magiging kaugnayan dun.”

⁸⁸ Alam n’yo, may bagay nga siya riyan na kung maaari’y maituro niya sa mga Pentecostal. Marami kasi sa kanila ang sumusuporta sa programang nililibak lang at ginagawa kang katatawanan. At sumusuporta ka sa programa sa himpapawid, na ginagawa lang nilang katatawanan ang mga bagay-bagay na sinasampalatayan n’yo. At totoo nga ’yun. Siyanga, po. Dahil para bagang tama ’yun sa pakinig. Siyanga, “May daan na tila matuwid sa isang tao,” sabi ni Jesus.

⁸⁹ Pero pansinin n’yo nga siya, ang sabi niya, “Kung di ’yun totoo, puwede ko namang dalhin pauwi ang mga kaloob ko.” Pero nagpunta nga siya para siya mismo ang sumaksi dun, at mapaniwala. Haya’t binasa na niya ang balumbon ng aklat, alam na niya kung ano si Jehovah, at heto na ngang titingnan niya. Kung ano Siya noon, ay Siya rin ngayon, ibig sabihin Siya pa rin ang Jehovah na ’yun.

⁹⁰ Ganoon pa rin ito mapasa hanggang ngayon. Si Jesus Cristo ay siya pa rin kung ano Siya noon, at magiging ganoon nga Siya sa tuwi-tuwina. Hindi Siya nagbabago. Sinabi ng Biblia, “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

⁹¹ Nakita natin ang munting babaing ’yun pagkatapos, napag-uusapan na rin lang ang tungkol sa mga hadlang, hayan nga’t siguro pumasok ito sa isip niya, “Paalala lang, kailangan kong tawirin ang disyerto, at napakahabang lakbayin nun.” Sukatin n’yo, mula Israel, mula Palestina pababa ng Sheba, patawid sa Disyerto ng Sahara. Gugugol ang kamelyo ng, sa palagay ko, ang mga karawan, gugugol ng nasa siyamnapung araw, tatlong buwan, kung tuluy-tuloy ang paglalakbay, para makapunta mula sa isang lugar papunta sa isa pa. Tatlong araw . . .tatlong

buwan, ang paglalakbay. At isipin n'yo, dumaan siya dun sa mainit na disyerto. Nasa isip na niya 'yun, na kailangan niyang gawin 'yun, tumawid sa mainit na disyerto, papunta dun sa hilaga, para lang malaman niya kung Diyos nga 'yun talaga.

⁹² Kaya naman hindi na nakapagtataakang sinabi ni Jesus, “Magbabangon siya kasama ng lahing ito at hahatulan ito.” Ni wala nga siyang Cadillac na de-aircon. Samantalang may mga tao rito sa Dallas na di man lang makapunta-punta't tatawid lang naman ng kalsada, para pakinggan Ito. Siyanga. Kaya hindi na nakapagtataakang magbabangon siya sa huling mga araw! Pero tatayo sa isang dako at pupulaan Ito, ginagawa ito ng ilan sa maraming lugar. Sabi, “Siya'y pariritong galing sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon, at dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon.” Pansinin.

⁹³ Kinailangan niyang kaharapin 'yun. Marahil sa gabi siya naglalakbay, mainit kasi sa disyerto. Matutuklap ang balat mo sa direktang sinag ng araw sa Disyerto ng Saharang 'yun, at kaya naman marahil sa gabi siya naglalakbay.

⁹⁴ Isa pang bagay, alalahanin n'yo, napakarami niyang dala-dalang handog at mga bagay-bagay. Ang mga anak ni Ismael ay matutulin na mangangabayo. Mga mananambang sila sa disyerto. Magiging napakadali para sa mga anak ni Ismael na lumusob na parang ragasa ng baha, at patumbahin ang dalawa o tatlong tagapagbantay na kasama niya; ang maliit na grupo ng mga kawal, mga tagapagbantay, at kanyang mga damang babae; patumbahin sila at iwan lang silang nakahandusay sa lugar na 'yun, at tangayin ang sampung ulit na makalibo't ilang libong dolyar na halaga ng mamahaling hiyas, maliban pa dun sa mamahaling kamangyan at mira, at iba pang bagay na dala-dala niya bilang kaloob.

⁹⁵ Pero may kung anong bagay nga, kung ang puso mo'y nakatuon para makita ang Diyos, at may Bagay na kumapit sa iyo, hindi mo alintana ang anumang panganib, hindi mo iniisip ang mabigo. May kung anong bagay, na makukuha't makukuha mo ito, ano't anupaman, kahit gaano pang kahirap ito.

⁹⁶ Mangyaring, kung titingnan nga'y kumukuha na lang ng tiyempo ang mga mananambang. At alinman sa kanila dun ang maaaring lumusob, subalit hindi niya inisip ang panganib.

⁹⁷ Hindi siya nagpa-apekto sa pag-iisip na makakabangon pa kaya siya't makapaglalakbay, katulad ng iba na takot na takot bumangon ng kama o katre, o parang ganun o ano pa, “Di ko alam, kita n'yo, takot akong gawin 'yun.” Wala siyang ganoong uri ng pagkatakot. May Bagay kasi na kumapit sa kanya.

⁹⁸ At kung may Bagay na kakapit sa atin, sa ganoon ding paraan, may bagay nga na mangyayari. Ngayon, hindi n'yo nga magagawa 'yun maliban na lang kung 'yung Bagay na 'yun ay kumapit muna sa inyo, kaya huwag n'yong ipagpilitang gawin

ang isang bagay. Pero kung talagang kumapit na Iyon sa inyo, mangyayari't mangyayari talaga 'yun.

⁹⁹ Pansinin, hayun na nga siya, hindi niya inisip kung gaano bang karami ang mananambang sa disyerto.

¹⁰⁰ O, kaya naman, kapag nakarating na siya roon, tatanggapin kaya siya roon, o hindi? Kasapi siya sa ibang denominasyon, alam n'yo, ano kaya't tatanggapin kaya siya, tatanggapin dun sa pagtitipon? Hindi naman siya naimbitahang pumunta. Ang Espiritu Santo ang kumilos sa kanya, para pumunta, kaya Siya ang Mismong gumagawa ng pagkilos; para, mapunan niya ang pakiramdam niyang 'yun, na matagal na matagal na rin siyang nasasabik na malaman.

¹⁰¹ Tandaan n'yo, buhay n'yo 'yan. Buhay niya 'yun. Binigyan ka lang ng isang pagkakataon para ayusin ito, at marahil itong gabing ito ang huli mo nang pagkakataon. Tanggihan mo si Cristo, ngayong gabi, baka wala ka nang iba pang pagkakataon sa susunod.

¹⁰² At marahil 'yun na ang huli niyang pagkakataon. Naisip niya 'yun. Yun bang malamig, at pormal niyang relihiyon, ay tama, o may tunay bang buhay na Diyos talaga? Wala siyang nakitang anumang pagkilos sa sarili niyang relihiyon, pero heto ngang may narinig siya na may kung anong Bagay sa dakong 'yun, at nabasa niya ang tungkol sa kung ano nga ba Siya. Nais niyang makita. Buhay niya ang nakataya rito.

¹⁰³ Heto ang buhay ko, ngayong gabi, kinakailangang harapin ko ito. Kinakailangan kong pumaroon sa Paghatol, at maging kayo'y paroroon din sa Paghatol. Nararapat sa atin na maupo sa ating kinauupuan, mahiga sa ating mga higaan, o kung saan man tayo, at pagbulayan ang mga bagay na ito nang malalim. Dahil, hindi mo alam kung kailan kukunin ang iyong card sa istante ng Diyos sa Ibayo roon, at magsusulit ka sa Paghatol. Kaanib ka man ng iglesia o hindi, wala 'yung kinalaman dito. Magsusulit at magsusulit ka, ano't anupaman, at mas maiging siguradong-sigurado ka rito. Suriin mo ang karanasan mo sa Diyos, tingnan mo kung 'yung Bagay na 'yun ay talagang nakakapit na sa iyo, na magdadala sa iyo pabalik sa Salita, palayo sa mga kredo't mga seremonya, at kung anu-ano pa. Ipinangako Niya ito sa huling mga araw, "Magkakaroon ng pagpapanumbalik, muli, ng mga puso ng mga anak sa mga magulang." At sinasampalatayanan natin 'yan. Pansinin, atin nang nakikita 'yan sa panahong ito ngayon.

¹⁰⁴ At di niya alintana ang kaisipang maliliglig siya ng takot o anupaman. Ni hindi niya 'yun inisip. Ang mahalaga, nagnanais siyang malaman kung Ito ba'y tunay o hindi, kaya sa kahabaan ng disyerto'y naglakbay siya. At di lang . . . Dumanas nga siya ng hirap sa paggawa nun. Anumang bagay na nais mong . . .

105 Yan nga ang problema, tayong mga Pentecostal, ang lahat ay iniaabot na lang sa atin, na nakalagay na sa plato, lahat ng naisin natin. Hindi lang makapunta ang pastor sa oras, “Aalis ako ng Assemblies at aanib sa church of God.” At, alam n’yo, sadya bang. . . pinamimihasa lang tayo!

106 Naalala ko tuloy, ang isang matandang marino, minsan, na nanggaling sa dagat. At may isang makata ang humayo, di pa siya nakakakita ng dagat kailanman; nakapagsulat lang siya tungkol dun, pero di pa siya nakakakita nun. Nakatagpo niya ’yung matandang marino, sabi nung marino, “Saan бага ang lakad mo, bata?”

107 Sabi nung makata, “Papunta ako sa dagat. Isa akong makata. Nakapagsulat na ako tungkol sa dagat. Matagal ko nang inaasam na masamyo ang alat, at makita ang malalaki’t maalat nitong alon na lumulukso-lukso sa paligid ng mga ibong lari na paawit-awit, at ang bughaw na alapaap na nananalamin sa dagat.”

108 Yung matandang marino’y bumuga ng usok mula sa pipa niya nang apat o limang beses, tumingin sa lupa, at dumura. Sabi, “Isinilang ako dun, pitumpung taon na ang nakararaan. Wala naman akong nakitang kaaya-aya dun.” Sa sobrang tagal na niyang nabubuhay dun, sa tagal, ay naging pangkaraniwan na lang sa kanya ’yun.

109 Yan nga ang problema sa atin, ngayong gabi. Sa sobrang tagal na nating nabubuhay sa Presensya ng Diyos, sa tagal, ay naging pangkaraniwan na lang ito sa atin. Kinakailangan na nating gisingin ang ating mga sarili, at mapagtanto nating si Jesus Cristo ay buhay at ibinangon mula sa patay.

110 Lahat-lahat ng ’yun ay bagong karanasan para sa munting reynang ’yun. Nagpursigi siya. Nagnanais siyang makita ’yun. Tunay, may pagpupursigi siya. Nagpursigi siya, para iwan ang kanyang bansa. Kamit man niya ang lahat ng karangalan dun, kinailangan niyang iwan ’yun. Ano kayang sasabihin ng mga kasamahan niya sa pagbabaraha at lahat ng kinabibilangan niya, lahat ng kasamahan niya sa panggagantsilyo at pananahi, at bagay-bagay na kinabibilangan niya, reyna pa man din siya, ano na lang ang sasabihin ng lahat ng mga sikat na taong kakilala niya? Magiging puno’t dulo siya ng katatawanan sa grupong ’yun. Pero anong kaibhan ang maidudulot nun sa kanya? Kaluluwa na niya ang pinag-uusapan dito.

111 Kaluluwa n’yo. Kaluluwa ko. Anong kaibhan ang idudulot nun sa Methodist, Baptist, Presbyterian, o Oneness, Twoness, Threeness, o anupaman? Kaluluwa ko na ang pinag-uusapan dito. Kaluluwa n’yo na ang pinag-uusapan dito. Salita na ito ng Diyos na pinatotohanan.

112 Nakita natin siya, hindi niya alintana ang mga bagay na ’yun, ’yung sinasabi-sabi ng ilan, o nung mga kakilala niyang

sikat, o ng mga kaibigan niya, kung iiwan niya ang lahat ng nandito sa sanlibutan. Kung totoo Yun, handa siyang puntahan Yun. Ipagpapalit niya ang kanyang kaharian, ano't anupaman. Kung tunay Yun, nagnanais nga siyang makita ang Diyos. May kung anong bagay kasi sa loob ng puso niya.

113 Nakita natin, 'yung lapad ng disyerto'y sinuong niya. Sa wakas, araw bawat araw, siyamnapung araw, tatlong buwan, dumating na sa wakas ang karawan sa may pintuang-bayan.

114 Ngayon, hindi nga siya dumating dun na gaya ng maraming tao na pumupunta sa mga pagtitipon ngayon. Marami sa mga taong nagpupunta ngayon sinasabi nila, "Uh, nabalitaan kong may ano raw sila rito, uh, may nakapagsabi sa akin na may ano raw sila rito. . . Uh-huh. Buweno, makapunta nga." Tapos uupo sila saglit. Masdan n'yo nga sila. Marami kayong makikitang katulad nila sa paligid. Sasabihin nila, "Ang unang salita na sasabihin ng mangangaral na taliwas sa paniniwala ko," aba'y diretso labas ng pinto, layas agad. "Hindi na ako babalik para makinig pa uli." Kita n'yo, di man lang sila makapanatili sa pagkakaupo nang matagal-tagal. Hayan nga.

115 Ano nga uli 'yun noon, nung si Jesus, noong nakaupo Siya sa harap ng pitumpu Niya roon, at may pitumpu Siya at may malaking madla Siya roon? Isa Siyang dakilang Tao. "Propeta Siya," sabi nila, "Propetang taga-Galilea." Isang araw Siya'y tumingin sa malaking madla na nakatayo sa paligid Niya, sabi Niya, "Maliban na kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyong sarili."

116 Nakikinita n'yo ba 'yung mga manggagamot na nakaupo roon, kung anong sinabi nila sa Lalaking 'yun? "Aba, gagawin pa Niya yata tayong mga bampira. Inumin ang Kanyang Dugo at kainin ang Kanyang laman?"

117 Hindi Niya 'yun ipinaliwanag. Hindi Niya 'yun kailangang ipaliwanag. Kinailangan Niyang iwagwag ang mga parasito na nakapaligid sa Kanya. Sa halip na pamihasain sila na parang paslit at ilagay ang kanilang pangalan sa aklat ng pagdalo, winagwag Niya sila paalis. Di Niya sila kailangan. Kaya nakita natin, hayan nga Siya, sabi Niya, "Maliban na . . ." Hindi Niya 'yun ipinaliwanag.

118 Masdan, 'yung mga alagad ay naupo lang dun. Wala silang sinabing kahit na ano.

119 Nakikinita ko ang mga doktor at nakikinita ko ang mga Fariseo, sabi, "Kita n'yo na, ang Taong ito'y wala sa Kanyang pag-iisip. Baliw Siya, gusto pa yatang hati-hatiin ang Kanyang katawan at kainin daw, at inumin din daw ang Kanyang Dugo? Taong bampira! Buweno, tayo, hindi tayo gagawa ng bagay na gaya n'yan. Oh, kabaliwan 'yan. Ang Taong 'yan ay wala sa Kanyang pag-iisip." Lumakad sila palayo.

¹²⁰ Pagkatapos tumingin Siya sa paligid sa mga teologo na nakaupo sa palibot Niya, sa pitumpu, at sabi Niya, “Anong sasabihin n’yo kapag makita n’yo nang umaakyat ang Anak ng tao sa Langit kung saan Siya nagmula?” Napatingin sa paligid ’yung mga Doktor ng Dibinidad na naroon, ang sabi, “Aakyat ang Anak ng tao sa Langit kung saan Siya nagmula? Aba, kilala natin Siya, napuntahan pa natin ’yung kuwadra kung saan Siya ipinanganak. Nakita pa natin ’yung kuna kung saan Siya idinuyan. Kilala natin ang nanay Niya. Tayo’y . . . Kasama natin Siyang mangisda. Kasama natin Siya sa panghuhuli ng hayop. Nagpupunta Siya rito sa mga burol. Nagsusuot Siya ng siya ring kasuotan na isinusuot natin, kinakain ang siya ring mga pagkain. At itong Anak ng tao, saan ba Siya nagmula? Sa Nazaret Siya nagmula. Grabe na’t kalabisan na ito sa atin.” Nagsilayas sila. Di pa rin Niya ipinaliwanag. Kita n’yo?

¹²¹ Tumingin Siya, at tumingin Siya sa paligid sa labindalawa, sabi, “Ibig baga ninyong magsialis din naman?”

¹²² Ngayon, di nga rin nila ’yun maipaliwanag, maski sila, pero may kung anong Bagay na kumakapit sa kanila. Kita n’yo, may alam sila! Nung mga sandaling ’yun ay binitiwang ni Pedro ang dakilang mga salitang ’yun, “Panginoon, nakita namin ang Kasulatan na pinagtitibay Mo. Kanino pa kami magsisiparoon? Nalalaman naming Ikaw ang may mga Salita ng Buhay. Ikaw ang Bukal ng Buhay. Kami ay nasisiyahan Dito.”

¹²³ Sabi ni Jesus, “Pinili Ko kayong labindalawa, at ang isa sa inyo ay diyablo.” Kita n’yo, wala man lang Siyang pahimay-himay nung sabihin ’yun, at pagpipino man lang nun, at maski pamimihasa, at marahang patapik-tapik sa likod, at palihim na pagbabautismo sa kanila, o kung anong iba pa.

¹²⁴ Siya—Siya ang Diyos na nagkatawang-tao sa lupa. Siya ang pinagtibay na Salita ng Diyos. At ang mga nangagugutom, ay nagsilapit. Yaong hindi naman nangagugutom, pawang di sila nagsilapit. Sabi, “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit.” Papaano nga kayo makalalapit n’yan kung di man lang kayo ibinigay ng Ama, talagang ibinigay?

¹²⁵ Ngayon pansinin n’yo, nakita natin ang munting reynang ito, na sa wakas nakarating na rin siya. Hindi siya nagpahinay-hinay gaya ng ginawa ng mga taong ’yun. May ilan sa kanila na sumunod-sunod sa kanya.

¹²⁶ Palaging may tatlong klase ng tao; mga mananampalataya, mga kunwang mananampalataya, at mga di-mananampalataya. Ang di-mananampalataya’y tatayo agad at aalis; ang kunwang mananampalataya nama’y mananatili nang medyo matagal-tagal. Naroon ang tatlong ’yan. Di-mananampalataya, ’yung karamihan; kunwang mananampalataya, ’yung grupo na huling aalis. Pero may tunay ngang mananampalataya na di man Ito

maipaliwanag; wala silang kaalam-alam tungkol Dito, pero nalalaman nilang Siya ang Salita. Sapat na 'yun!

¹²⁷ Heto't nakita natin ang munting reyna. Napakarami niyang dala-dalang pagkain, napakaraming tinapay, at marami pang ibang bagay. Dala-dala niya dun ang kanyang mga tolda't iba pang bagay. Ibinaba na niya ang mga gamit niya sa likod ng mga kamelyo, at mga gamit, doon sa patyo, sa patyo ng templo. At itinayo niya ang kanyang mga tolda, at mananatili nga siya roon hanggang sa makumbinsi siyang tama ba 'yun o mali.

¹²⁸ Hindi maitatagong, sa araw-araw, binabasa-basa niya ang mga Kasulatan na 'yun. Sa gabi, marahil gabi sila maglakbay. Sa umaga, haya't mauupo siya sa ilalim ng mga punong palma, sa oasis ng disyerto, at babasahin kung ano si Jehovah, kung ano ba talaga Siya. Ngayon malalaman niya kung Jehovah ba talaga. Kung Siya ay nasa lalaking 'yun, malalaman niya ang kilos Niya, malalaman niya kung tama ba talaga o hindi. Heto nga't sa Kasulatan talaga siya bumatay nang mainam.

¹²⁹ Hindi siya pumunta dun at nagsabi, "Ngayon, kung may sabihin siya na iba sa sinasabi ng saserdote ko, dadalhin ko ang mga kamelyo ko't lalayas na." Siya'y mananatili nga hanggang sa makumbinsi siya.

¹³⁰ Oh, kung magagawa lamang 'yan ng mga kalalakihan at kababaihan ngayon! Ang kunin ang Salita, tingnan kung ang Espirtu Santo ay para sa panahon ngayon, o hindi, tingnan kung ang mga bagay na ito na ating ipinangungusap ay naihula para sa oras na ito na kinabubuhayan natin. Pero ginawa nga niya; 'yan ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus na ang pangalan ng reynang 'yun ay walang pagkakamali . . . di po pala walang pagkakamali, kundi walang kamatayan. Magbabangon siya sa Araw ng Paghuhukom at hahatulan ang Dallas, Texas. Hahatulan niya ang Estados Unidos, sa Araw ng Paghuhukom. Dahil, nanggaling siya sa mga wakas ng lupa, upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at narito, dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon. Ang nabuhay na mag-uling Jesus Cristo ay narito na ngayon sa kapangyarihan ng pagkabuhay Niyang mag-uli. Pansinin.

¹³¹ At itinayo niya ang kanyang mga tolda. Nakikinita ko nga 'yung umagang 'yun, para po sa mga bata ngayon. Tumunog ang mga kampana, tumunog ang mga trumpeta, at nagsimula na ang simba. May simba sila araw-araw. Isipin n'yo 'yun, gustung-gusto nilang magpunta ng simbahan araw-araw. Kaya 'yung mga tao, nagsimula na ang simba, nakikinita ko 'yung munting reyna na nagpunta sa pinaka likod at naupo dun. At maya-maya nung mapatunog na ang mga trumpeta, maawit na ng mga himno, at lahat na.

¹³² Maya-maya, lumabas na si Pastor Solomon, naupo. Ganoon na lamang ang pagpipitagan ng mga tao sa kanya, dahil mahal

nila siya. Isa siyang lingkod ng Diyos. At paglabas nila, wala ni isa ang nagsabing, “Huh! Kung *ganito* lang sana siya, kung kasapi lang sana siya sa grupo ko!” Hindi. Iisa lang ang grupo dun, at ‘yun ay—‘yun ay sila, kaya hayan nga sila.

¹³³ At nalaman natin, may lumapit na isa. At kaagad-agad, inihayag ni Solomon ang lihim ng kanilang puso. Nakikinita ko ang munting reyna na nagsasabi, “Ngayon sandali lang muna,” kita n’yo. “Grabe, mukhang totoo talaga.” Tapos lumapit ‘yung kasunod, ganun din ang nangyari. Oh, ang munti niyang puso’y nagsimulang lumukso-lukso. Siya, siya’y namangha.

¹³⁴ Marahil nakakuha siya ng prayer card, at naghintay-hintay. Pasensya na po sa pananalitang ‘yan; pero, alam n’yo, may gusto lang akong ipunto rito, kita n’yo. Marahil nakakuha siya ng card, at naghintay siya. Isang araw natawag ang card niya, at lumapit siya sa harapan ng Espiritu Santo na kumikilos kay Solomon. At sinabi ng Biblia, “Walang bagay na lihim kay Solomon.” Inihayag ng dakilang Espiritu Santo ang lahat ng bagay na kinailangan niyang marinig; inihayag Niya ‘yun.

¹³⁵ At heto namang ang Espiritu Santo, sa kapuspusan Nito na nakay Jesus Cristo, na ginagawa ang siya ring mga bagay; pero ang mga Fariseong ‘yun ay nagsabi, “Pakitaan Mo kami ng isang tanda. Pagalingin Mo ang lalaking *ito* rito. Gawin Mo *ito*, at sabihin Mo *ito*. At anong mangyayari sa *ganito*, at *ganoon*?” Kita n’yo, sadyang hindi nila maunawaan.

¹³⁶ Heto ngang nakatayo ang munting reynang ‘yun dun, at sinabi ng Biblia na, “Walang bagay na hindi nabubunyag kay Solomon.” Inihayag niya ang lahat ng kinailangang malaman nung reyna. Sinaysay niyang lahat sa kanya.

¹³⁷ At nung maipangyari na ‘yun, di na niya kinailangan pang paniwalaan ang salita ng ibang tao, siya mismo’y nakasaksi dun at sinampalatayanan niya ‘yun. Pagkatapos bumaling siya sa mga nakikinig dun, at sabi niya, “Yung lahat ng narinig ko, nung marinig ko, namangha ako. Pero lahat ng narinig kong ‘yun ay totoo naman palang talaga, at higit pa sa narinig ko.” Kita n’yo, sa pagkakataon niyang ‘yun, nakita na niya mismo. Naipangyari ‘yun sa kanya. Nalaman niyang totoo talaga. At sabi niya, “Purihin ang Panginoong Diyos Na ginawa kang lingkod Niya. Purihin ang . . .”

¹³⁸ Ano ‘yun? Yung kaawa-awa’t munting babaing ‘yun ay kaytagal na namuhay, sa lahat ng mga kredong ‘yun at diyus-diyosan, at isang beses sa nagugutom niyang puso. . . Bawat isang tunay na mananampalataya ay nagnanais na makita ang Diyos na kumikilos. Kung Diyos nga Siya noon, Diyos Siya mapasa hanggang ngayon. At nakita nga niya ang isang bagay na totoo talaga, hindi gawa-gawa lang; totoong-totoo talaga. Kaya pinaglingkuran niya ang Diyos sa nalalabi pa niyang mga araw, dahil nakita niya ang isang bagay na tunay talaga.

139 Oh, kaibigan, madami na tayong nakitang, “Sumali kayo sa kredong ito, sa Muslim na ito, *dito*,” anupaman, “halikayo sa *ganito*, at *ganito*, *ganoon* at *iba pa*,” at lahat na ng kung anu-anong klaseng sensasyon at bagay-bagay. Tunay ngang ang sanlibutan ay dapat sana’y nagugutom sa mga bagay na tunay sa gabing ito, mga bagay na tunay ang ninanais makita. Hindi sa kung anong kathang-isip lang na pag-agos ng dugo, o galos, o langis, o kung ano pa riyang na di naman batay sa Kasulatan; bagkus dapat ay sa tunay na Jesus Cristo Na nangakong Siya’y mananahan sa Kanyang bayan sa huling mga araw na ito, at gawin ang mga bagay na Kanyang ginawa noon, bagay na sinasabi ng Kasulatan na mangyayari sa mga araw na ito.

140 Lahat ng sari-saring mga kredong ito, “Buweno, kung alam n’yo lang sana ang kredo namin, alam n’yo.” Kita n’yo, kayo’y—kayo’y—kayo’y tumitingin pabalik sa kung ano ang sinabi ni G. Luther, oo’t dakilang tao nung panahon niya. Tunay. Wala nga ’yang pinag-iba sa mga kababaihang, sitenta y singko na, pero nagpupumilit mag-itsurang disi sais, tumitingin pabalik at nagpupumilit manamit na animo’y disi sais lang sila, gugupitan ang buhok at magsusuot ng shorts, at kolorete . . . Sinuman na nagmamanehong, nakatingin sa salamin para makita ang likod, ay mababangga’t mababangga. At ’yan ang problema sa iglesya ngayon, nakatingin sa salamin para makita ang likod, kung ano ’yung nasa nakaraan. Di na tuloy nakapagtata kang banggang-bangga ang kalagayan nito. Huwag na huwag kayong . . .

141 Sabi ni Pablo, “Nagtutumulin ako sa hangganan ng dakilang Pagtawag, umaabante ako. Sumusulong ako.” Alam kong si G. Moody ay dakilang tao, si G. Wesley ay dakilang tao, ang pagkilos ng Pentecostal, pagkilos ng Baptist, dakila nga, pero magtumulin na tayo sa hangganan ng dakilang Pagtawag kay Cristo. Huwag na kayong tumingin pa sa salamin para makita ang likod, apatnapung taon ang nakararaan. Tingnan n’yo ’yung narito ngayong gabi. Tingnan n’yo ang ipinangako ng Kasulatan para sa gabing ito. May mga ipinangako nga siya nung panahong una, pero heto na tayong nabubuhay lampas na dun ngayon. Sumusulong tayo.

142 Ano kaya kung tumingin pabalik si Wesley at tiningnan kung ano ’yung nandun noon, kay Luther, kita n’yo? Pero hindi nga niya tiningnan ang sinabi ni Luther, tumingin siya dun sa kung anong sinabi ng Diyos. Ano kaya kung titingin pabalik ang Pentecostal sa Methodist? Nakikita n’yo ba kung saan kayo napadpad? Hayan nga kayo, ganun na ganun din, inorganisa n’yo at ikinahon ito, di tuloy kayo makakilos-kilos. Ngayon ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos nang pasulong, dinadala Ito sa ibang dako.

143 Sa tuwing gagawin nila ang bagay na ito, isang gawang-taong sistema na ikinakahon tayo gaya nun, animo’y bumalik uli ngayon ang pagsalangsang ni Korah, ’yung kung paanong

si Dathan at sila noon ay nagnais na magtipon ng malaking grupo ng mga tao at gumawa ng organisasyon mula dun. Sabi ng Diyos, “Ibukod mo ang iyong sarili, Moises, mula sa kanila, at lalamunin Ko sila mismo sa lupa.” At tipo ’yan ng paglalakbay ngayon, at alam n’yo ’yan, sa daan patungong lupang pangako. At hayun nga sila. Di nila masampalatayanan ang pinahirang mensahe ng Diyos, na kumikilos sa dakong ’yun, at naghanged silang bumuo ng iba sa kani-kanilang sarili. Ganun na nga ito noon pa man.

¹⁴⁴ Ang pinaka padalus-dalos na nagawa ng Israel kailanman, ay noong tanggihan nila ang biyaya, sa Exodo 19, at kinuha ang kautusan. At nagawa ni Dathan ang pinaka matinding pagkakamali na nagawa niya, nung sabihin niya, “Maraming iba pang pinuno rito maliban sa iyo, Moises.”

¹⁴⁵ At—at si Moises ay pinatotohanang siya yaong nahayag na Salita ng Diyos. Kinuha niya ang alikabok at ginawa ’yung kuto. At lahat ng sabihin niya’y nagkakatatotoo. At ang Diyos ay kasama niya. Patotoo na mismo ang Haliging Apoy, na nasa ibabaw niya, at sa kabila nun ay naghanged pa rin ang mga taong magpasimula ng iba. Na gawang-tao rin lang naman.

¹⁴⁶ Yan nga ang nangyayari sa panahon ngayon. Sa ganyan na humantong ang iglesya. Siyanga. Oh, iglesya ng buhay na Diyos, ayaw n’yo bang makakita ng bagay na tunay? [Sinasaki kong kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Bagay na tunay talaga!

¹⁴⁷ Isang maikling kuwento lang bago tayo manalangin sa mga maysakit. Hilig ko po ang mangaso. Ang nanay ko, alam n’yo, siya’y . . . siya . . . ang nanay niya’y tumatanggap ng sustento sa gobyerno. Isa siyang Cherokee Indian. Ako . . . at maski nung pinagbagong-loob na ako’y di pa rin nawala itong pagmamahal ko sa kagubatan. Gustung-gusto ko ito. Doon n’yo makikita ang Diyos. Doon ko unang nakita ang Diyos, sa kakahuyan mismo. Doon Niya kami kinakatagpo. Doon Siya nakikipag-usap. Doon din nagtagpo ang pitong mga Anghel. Naano n’yo na po ba . . . sa, *Mga Ginoo, Anong Panahon Na?*

¹⁴⁸ Si Kapatid na Borders at ako’y nakaupo dun isang araw, nung ’yung (itinayo namin dun) ay bumagsak, may ipo-ipo na nangalang mismo sa langit, talagang tinibag ’yung mga bato, sa ibabaw mismo kung saan ako nakatayo, gaya ng sinabi Niya, kita n’yo. At doon nga’y, oh, marami sa mga kalalakihan, si Kapatid na Sothmann marahil nandito siya kung saanman, isa sa mga . . . Si Terry, sa palagay ko rito, nandun siya nung oras na ’yun. At mga bagay-bagay nga, makikita n’yo talaga Siya sa ilang sa dakong ’yun! Gustung-gusto kong mangaso. Ginagawa ko ’yun para makapunta dun, hindi talaga ’yung makapamaril ng hayop, kundi ’yung sadyang makapunta ako sa kakahuyan.

¹⁴⁹ Lagi akong nangangaso kasama ang isang tao dun sa New York, o dun sa New Hampshire, ang ibig kong sabihin, isa—isa

siyang magaling na mangangaso. Ang pangalan niya ay Bert. Isa siyang Ingles. At may ginawa noong lagusan ang kanyang—kanyang mga magulang dun, o tinabas na bundok, na kung tawagin nila ay Jefferson Notch, mula dun, tapos tagos 'yun sa Carroll Notch, at tinabasan 'yun nung unang panahon. May kaunting pagka-Indian din siya, hayan nga. Haya't siya ang pinaka asintadong mamaril na nakita ko kailanman, at isa sa pinaka magagaling na mangangaso. Di mo na siya kailangang alalahanin kung lalakad ka't mangangaso kasama siya; alam niya kasi ang pasikut-sikot niya. Gustung-gusto kong mangaso noon ng usang white-tail sa dakong 'yun. At sila'y . . . At lagi akong pumupunta dun kada tagsibol para mangaso.

¹⁵⁰ Isa nga siyang mahusay na mangangaso, pero siya ang pinaka malupit na taong nakilala ko sa buong buhay ko. Yung mga mata niya'y parang 'yung sa bayawak, at sadyang . . . Yung mga mata niya, alam n'yo, gaya nung uso sa mga kababaihan ngayon na pinipintahan nila ang mga mata nila, para maging gaya dun sa bayawak. Buweno siya, talagang natural na 'yung mata niyang ganun. At di nga 'yun mukhang tao, sa akin. At kaya naman simula't sapul parang ayokong—ayokong tingnan siya. Para siyang bukot ang itsura, alam n'yo, parang patagilid ang mga mata niya.

¹⁵¹ At nakagawian na niyang maging malupit. At mamamaril siya ng mga inakay na usa, 'yung maliliit na usa na bata pa, para pasamain lang ang kalooban ko. Tapos sasabihin niya, "Oh, mangangaral, wala ka ngang pinag-iba sa iba. Pusong-manok ka. Magiging magaling na mangangaso ka sana kung di ka lang mangangaral."

¹⁵² Sabi ko, "Ako'y kumbaga sa pangangaso naghahanap ako ng mga kaluluwa, Bert." At sabi ko. "Nasa iyo 'yung isa na nawawala." Kita n'yo?

¹⁵³ Tapos siya, "Ah, umayos ka nga!" Sabi, "Billy, maganda ka namang kasama, pero," sabi, "huwag mo na akong sabihan ng ganyang mga bagay." Kaya patuloy siya—siya sa pamamaril ng maliliit na batang usa roon, at—at talagang sumasama ang loob ko dahil dun.

¹⁵⁴ Ngayon ayos lang naman pumatay ng batang usa kung may sinasabi namang di 'yun problema sa batas, haya't, anuman ang laki o kasarian, basta nakasaad sa batas. Ako nga'y tanod nang maraming taon. Pero tingnan n'yo, pumatay si Abraham ng batang baka at ipinakain 'yun sa Diyos, kaya naman walang problema sa pagpatay ng batang usa, basta nakasaad sa batas. Pero mali 'yung babarilin mo lang sila, tapos hahayaan lang silang nakatiwangwang dun, at aasta kang parang wala lang 'yun sa iyo; mali 'yun, maling gawin 'yun. Heto nga't sinasabi ko ito para ipaliwanag ang panig ng mga kapatid natin dito na nangangaso, kita n'yo, para makita n'yo ang ibig kong sabihin.

155 Ngayon pansinin n'yo ito, heto nga ang taong ito. . . Isang araw pumunta ako dun, ang maybahay ko't ako'y magkasama. At—at may ginawa ang lalaking ito na maliit na silbato na kung hipan ay tunog ng munting batang usa na umiiyak, alam n'yo, parang 'yung munting unga na ginagawa nila. Buweno, basta. . .

156 Naging abala ako noon sa trabaho, at hindi ako nakapunta sa oras, sa isang pagtitipon, at kaya nagpunta ako roon para mangaso kasama siya. At marami-rami na ring pangangaso ang nagaganap dun, at sa unang putok pa lang ng baril, sa dakong 'yun sa ilang, 'yung mga white-tail nga. . . Iniisip n'yo—n'yo na si Houdini ay dalubhanga pagdating sa patakas-takas na 'yan; siya'y bagito lang, kumpara sa kanila. At malalaman n'yo na lang, nakatago na silang lahat. At kung maliwanag ang buwan, manginginain sila sa gabi; o magkukubli sa ilalim ng mga putol na sanga o parang ganun, at di sila—di sila lalabas dun.

157 At heto na nga nung araw na 'yun, sabi ko, “Bert, di mo—di mo naman siguro gagamitin ang silbatong 'yan?”

158 Sabi niya, “Ah, mangangaral, masyado ka namang pusong-manok n'yan!” Sabi, “Kumalma ka lang.”

159 At lumakad na kami, at may baon-baon nga kaming mga tinapay na may palaman sa aming—sa aming suot. At kami'y mangangaso. . . mangangaso hanggang sa hapon, dun sa paligid ng mga dalisdis sa ibabaw ng—ng Presidential Range, tapos maghihiwalay kami at bababa pagkatapos. Kung may mahuli kaming usa, tatandaan namin kung saan namin 'yun isasabit, pupuntahan namin 'yun at kukunin, makalipas ang isang araw o dalawa; isasabit dun. Hayan nga't marahil, oh, nasa apat na pulgada ang taas ng niyebe, o anim, parang ganun, magandang oras para magtunton ng bakas. At umakyat na kami, nakaabot kami hanggang sa, ibabaw ng bundok, wala ni isa mang bakas, walang kahit ano. Maliwanag ang buwan sa gabi, at 'yung mga usa. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

160 Nasa harapan ko si Bert, siya ang nangunguna sa daan, at kaya nasa likuran niya akong sumusunod. At tapos umupo siya, parang *ganito*. Tuyo ang niyebe. At akmang may dinudukot siya sa likod niya, akala ko kakain lang siya ng tinapay na may palaman at maghihiwalay na kami pagkatapos, dahil nakaabot na kami dun sa taluktok ng bundok nung mga oras na 'yun. At akmang may binubunot siya sa likod niya *rito*.

161 At kaya minabuti ko na ring kunin ang tinapay ko na may palaman, at naghanap-hanap ako ng malalapagan ko ng baril ko. At—at kukunin ko na nun 'yung tinapay ko, at tumingin-tingin ako sa paligid.

162 Binunot niya 'yung maliit niyang silbato. Yun nga, sa isip-isip ko, “Naku, di naman yata patas na gawin niya 'yun.” Kaya 'yun na nga't kinuha niya 'yung maliit na silbatong 'yun, at tumingin sa akin, sa mga mata niyang parang sa bayawak, at

tumingin sa akin. Sinubo niya ang maliit na silbatong 'yun sa kanyang bibig, nang paganito. At sabi ko, "Bert, di mo naman siguro gagawin ang bagay na 'yan, diba?"

¹⁶³ Sabi niya, "Oh," tapos hinipan niya nang paganito. At, laking gulat ko, mga nasa limampung yarda lang ang layo mula sa akin, sa tapat ko lang, isang malaki't napakalaking inahing usa ang tumayo dun. Ngayon, ang inahing usa ay nanay na usa. At nakatayo nga siya dun, malalaki ang kulay tsokolate niyang mata, at nakataas nang paganito ang mga tainga. Kita n'yo, narinig niya. Ngayon, isa nga siyang nanay, kita n'yo, at ang anak niya'y umiiyak. At lumabas man o hindi ang ilan pa sa kanila, may kung anong bagay sa loob niya. Isa siyang nanay.

¹⁶⁴ Pagkatapos tumingin si Bert nang paganoon, at umhip siya uli nang mas banayad. At lumantad pa nang mas lantad 'yung usa sa mismong kitang-kita. Ngayon di pangkaraniwan 'yun, masyadong di pangkaraniwan, na lalantad siya nang ganun. At tumitingin-tingin siya sa paligid, nakataas ang malaki niyang ulo, at nagmamasid sa paligid ang kanyang mga mata.

¹⁶⁵ Ilang saglit pa, nung abutin na nung mangangaso at kunin ang baril, nakita niya ang mangangaso. Kalimitan, kakaripas na sila agad ng takbo, at mawawala na, alam n'yo naman 'yun, isang iglap lang. Pero, alam n'yo, hindi siya nainggli. Tumayo lang siya dun at tumingin sa kanya, nakatagilid, inilingon lang ang ulo't tumingin. Grabe! Sa isip-isip ko, "Bert, di mo naman siguro gagawin 'yan."

¹⁶⁶ Kita n'yo, hindi siya nagpapanggap nang kung ano lang. Hindi siya nagkukunwari. Hindi siya umaarte-arte lang. Siya'y, ipinanganak na nasa loob na niya talaga 'yun, isa siyang nanay. At 'yung anak na 'yun, di alintana kung buhay man niya ang maging kapalit, nasa panganib ang bata, sinisikap lang niyang hanapin ang bata. Nasa panganib kasi 'yun. Siya nga'y, nasa kalikasan na niya talaga 'yun, isa siyang nanay. At nakita nga niya ang mangangaso. Pero ang isip niya'y hindi nakatuon sa mangangaso, nakatuon 'yun sa anak na 'yun na nanganganib, sa munting batang usa.

¹⁶⁷ At inalis na nung mangangaso 'yung pagkaka-lock nung trenta-o-sais na 'yun. Oh, asintado siya. Iniumang na niya ang mahabang baril na 'yun. Ako'y—ako'y napabaling ng ulo. Di ko kayang makita 'yun. Di ko—di ko siya kayang tingnan. Sa isip-isip ko, "Sa loob ng dalawang minuto, at patatagusin na niya ang bala sa tapat na puso nun; na naghahanap lang naman ng anak niya, na nasa panganib, kahit alam pa niyang mayroong mangangaso na nagtatago lang dun sa mga palumpong." At handa na siyang patagusin ang bala sa kanyang tapat na puso, gamit ang siyento-otsentang grano ng bala na 'yun. At ako'y—ako'y . . . Sadyang asintado nga siya. Iniumang na niya.

Sa isip ko, “Di ko kayang tiisin na tingnan man lang ’yun.” Tumalikod ako.

At—at sabi ko—sabi ko, “Panginoon, tulungan Mo siya, na di niya gawin ’yun.”

¹⁶⁸ Ako’y—ako’y lubos na naawa. Nakatayo ang nanay na ’yun dun, hinahanap ang kanyang anak, at alam kong hindi lang siya nagpapanggap dun. Isa siyang nanay. Puwede namang tumakbo na lang siya, anumang sandali. Di rin naman niya kailangang lumantad dun, at kami’y tutuloy na sa aming lakad. Pero may kung anong bagay nga sa loob niya.

¹⁶⁹ At naghintay ako, at naghintay, at di pumutok ang barrel. Buweno, nagtaka ako, “Ano kayang nangyari?” At naghintay ako, pagkatapos bumaling ako nang marahan. At nakita ko ’yung usa na nakatayo pa rin dun, nakatingin pa rin sa kanya. At tiningnan ko ’yung dulo ng barrel, gumagalaw nang paganito. Siya’y para bang . . . sinusubukan niyang asintahin, pero di niya magawa.

¹⁷⁰ Inihagis niya ’yung barrel sa lupa, at tumingin sa paligid at sa akin, at ’yung nandidilat niyang mga mata’y nagbago. May mga luhang umaagos sa kanyang pisngi. Hinawakan niya ako sa binti ko sa pantalon, sabi niya, “Billy, akayin mo ako sa Jesus na ’yun na ipinangaral mo.”

¹⁷¹ Ano ’yun—ano ’yun? Nakakita siya ng isang bagay na tunay. Kita n’yo? Ang munting nanay na usang ’yun ay nagpakita ng katapatan, tunay na katapatan na nagpabago sa malupit na mangangasong ’yun. . . na may pinaka malupit na pusong nakita ko kailanman. Hindi nga dahil sa pangangaral na ipinangaral ko. Kundi sa isang bagay na siya mismo ang nakakita, bagay na tunay. Hindi ’yun pagpapanggap. Hindi kunwa-kunwarian. Isang tunay na nanay ’yun na naghahanap sa anak niya, at ’yun ang nag-akay sa kanya kay Cristo. Isa na siyang diyakono sa simbahan sa lugar na ’yun ngayon, isang kahanga-hangang Cristiano, dahil nakakita siya ng isang bagay na hindi lang pagpapanggap. Hindi ’yun kunwa-kunwarian. Tunay ’yun.

¹⁷² Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung ang iglesia lamang dito, kung ang mga tao lamang dito, ngayong gabi, kung kayo at ako lamang! May bagay nga na tunay, na di lang pagpapanggap. Marahil may nakikita kayong pagpapanggap lamang, pero may bagay na tunay talaga. May bagay sa loob ng tao na nagbubunsod sa kanya na mamuhay para sa Diyos. May tunay na dalisay na Espiritu Santo sa gabing ito, kapatid, na hindi pagpapanggap. Narito nga, isang tunay na bagay.

¹⁷³ At ilan po sa mga narito ngayon ang nagnanais na maging ganoon ding katunay na Cristiano, at ganoong katapat kay Cristo, sa kamatayan, pag-uusig, anupaman, na naghahangad kayo na maging ganoon ding Cristiano kung papaanong ang usang ’yun ay nanay talaga? Nagnanais ba kayo, gusto n’yo

bang maging katulad nun? Ako nga'y maghahangad na maging ganoong uri ng Cristiano. Na maging 'yung munting babaing Sirofenisa kagabi, ay ganoong uri ng Cristiano. Itong munting reyna na ipinangungusap natin ngayong gabi, ay ganoon ding uri ng Cristiano; na nung makita niya 'yung bagay na 'yun na tunay talaga, siya'y handa. Tulungan tayo ng Diyos, ngayong gabi, na matanggap ang bagay na 'yun na tunay, si Cristo.

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali, habang dadako tayo sa pananalangin.

¹⁷⁴ Ngayon iniisip ko po, sa gusali rito, ngayong gabi, kung mayroon po ba . . . kung mayroon po ba rito, habang tahimik po kayo, kung mayroon po bang narito na nagnanais, at hindi pa nakikilala si Cristo bilang sarili n'yong Tagapagligtas, at may pagnanais na kilalanin Siya bilang Tagapagligtas n'yo, maaari lang po bang itaas n'yo ang inyong kamay? Isa, dalawa, tatlo. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

¹⁷⁵ Iniisip ko kung mayroon rito ngayong gabi, na nagsasabing sila'y Cristiano, marahil miyembro ng isang mainam na iglesya, ng mabubuting grupo ng tao, subalit alam n'yo sa kaibuturan ng puso n'yo na wala pa sa puso n'yo ang pagka-Cristiano, na maisilang diyan. Gaya nung nanay, na usa, ipinanganak siya na maging nanay; siya'y nanay, sa kaibuturan niya't kabuoan. At nagnanais kayong maging tunay na Cristiano, kung papaanong ang munting nanay na usang 'yun ay nanay talaga; maaari n'yo po bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham"? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Sa buong paligid, sa mga nasa balkonahe sa itaas, nakikita ko ang kamay n'yo.

¹⁷⁶ Makalangit na Ama, di ko lubos maisip 'yun, na sa malamig na araw na 'yun ng Nobyembre, sa pagkakatayo ko dun, puno ako ng niyebe pababa sa leeg ko, basang-basa, nakikita ko ang lalaking 'yun na nakasalampak dun, kung paanong kinausap ko siya, hinawakan ko ang kamay niya, umiyak kasama niya, gayong nakapagsaysay ako sa kanya tungkol sa Biblia at lahat na. At ang sabi niya, "Oh, marahil tama ka." Pero ang makita Ka mismo na nagpadala dun ng isang bagay na tunay talaga, sa kaparaanan mismo ng kalikasan, na—na sadyang di niya—di niya mapapalampas na makitang may bagay na tunay talaga. At ngayon siya'y Iyo nang lingkod, Panginoon.

¹⁷⁷ Ngayon marami po ang narito ngayong gabi. May ilan sa kanila ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, Ama, na nagpapahiwatig na sila'y di pa kailanman naging Cristiano, at nagnanais sila ngayon na maging ganoon nga. Diyos, huwag Mo pong itulot na sila'y maging gaya lang ng ilan, na pupunta lang at makikianib sa iglesya, o kukuha lang ng kung anong anyo,

o kredo, o bautismo. Bagkus maipanganak nawa sa puso nila, si Cristo.

¹⁷⁸ At sila na mga kaanib sa iglesya, sila, sila'y naghahanap, Panginoon, marahil gaya nung—nung munting babae, nung munting reyna na ipinangungusap namin dito. Siya'y—siya'y may pagkagutom sa isang bagay. At—at maging sila, ay ganun din, Panginoon. At nung makita niya ang bagay na 'yun na tunay talaga, na ipinapakilala ang Diyos sa mga tao, siya nga'y handa na. At sabi niya, “Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!” Ayaw na niyang magkaroon ng anumang kinalaman sa mga anyong-bagay ng mga pagano.

¹⁷⁹ At, Ama, marami sa mga narito ngayong gabi, walang duda, ang nandun din sa kalagayang 'yun. Kung makakakita lamang sila ng bagay na tunay! At Iyong sinabi nung nandito Ka noon sa lupa, ang mga bagay-bagay na magaganap sa araw na ito. Sinabi sa amin na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At alam namin kung papaano Ka makikilala, at kung papaanong nabigo ang mga Fariseo noon na makita 'yun. Panginoon, ang siya ring mga grupo ngayon ay nabibigo na makita ito, dahil sa pakikianib nila sa iglesya, pakikisapi, pagkakaroon ng kung anong anyo ng kredo, at kung anu-ano pa. Kanilang, sila'y bigo na makita ang Mesiyas, ang dakilang Espiritu Santo na ipinapakilala ang Kanyang Sarili sa mga tao, gaya ng Iyong ipinangako na Iyong gagawin.

¹⁸⁰ Iyo pong ipagkaloob, ngayong gabi, Panginoon, na ang mga bawat isa rito ay mapagtanto at makita ang Iyong Presensya. At nawa pumasok sa kanilang puso, ang tekstong ito, “Isang lalong dakila kaysa kay Solomon ang narito ngayong gabi,” si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos na nabuhay mag-uli, na handa nang pumarito at baguhin, at lumikha ng mga bagong puso, at ilagay sa loob nila ang naipanganak na karanasan sa Diyos. Katulad ng nanay na usang 'yun, 'yung pagiging ganoon niya'y di siya ang may gawa nun, bagkus sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos siya'y pinili upang maging usa, siya'y pinili upang maging nanay, at isang matapat na nanay. At Iyong sinasabi sa amin na kami'y “pinili bago pa man maitatag ang sanlibutan.”

¹⁸¹ Dalangin ko, Diyos, na Iyong itutulot na ang bawat isa na may hatak sa kanilang puso, gaya nung munting babaing 'yun, na matagpuan nila ang Diyos, na sa gabing ito ay may tunay na bagay na maipangyari, para makita nila, at paglingkuran Siya. “Sapagkat dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon.” Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁸² Ngayon nang may pagpipitagan, kataimtiman, bago tayo dumulog sa altar. Maaari lang po, na wala pong palakad-lakad. Maging tunay na mapitagan po tayo pansumandali. Taimtim na oras ito, taimtim na sandali. May mga pagpapasyang binubuo.

Marami ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Naniniwala akong kayo'y lubos na sinsiro rian, sa pagpapasya n'yong 'yan.

¹⁸³ Ngayon, narinig n'yo na ang sinasabi ng Biblia, narinig n'yo na ang tungkol kay Jesus, narinig n'yo nang Siya ang Anak ng Diyos. Naituro na sa inyo na Siya'y nagbangong muli, at naituro na sa inyo na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

¹⁸⁴ Ngayon itong Espiritu Santo na ipinangungusap natin dito, ito ba si Jesus Cristo? Tunay, Ito nga. Kita n'yo, Siya ay Diyos; na nakikilala bilang Diyos, ang Espiritu Santo. Hindi ito ibang Diyos; ito pa rin ang siya ring Diyos. Ang Ama, Anak, Espiritu Santo, ay di tatlong Diyos; tatlong katangian ito ng siya ring Diyos, kita n'yo, siya ring Diyos sa tatlong anyo. Kita n'yo, sa madaling sabi, tatlong katungkulan, kumbaga, alam n'yo; Siya ay naglingkod bilang Ama, at pagkatapos bilang Anak. Ang Diyos ito na bumaba, mula sa Siya Na hindi nahihipo (na ang hipuin man ang bundok, ay papatayin), hanggang sa maaari na natin Siyang hipuin sa laman.

¹⁸⁵ At ngayon Siya'y nasa inyo na. Kanyang nilinis na kayo sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, upang makapanahan Siya sa inyo. "Sa araw na yaon, makikilala ninyong Ako'y nasa Ama, ang Ama ay sumasa Akin; Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin." Kita n'yo? Ito'y Diyos na nasa itaas natin, Diyos na sumasa atin, Diyos na nasa atin. Kita n'yo?

¹⁸⁶ At 'yan si Cristo, ngayong gabi, ang Espiritu Santo. Siya'y nananatili. At kayo'y. . . Siya ang puno ng ubas, at kayo ang mga sanga. Manampalataya kayo sa Kanya. At kung Kanyang ipakikilala ang Kanyang Sarili, ngayong gabi, sa gitna natin!

¹⁸⁷ Ngayon kung tumayo Siya rito na may mga pilat, na isang tao, na nasa laman. Maaaring gayahin 'yun ng kahit sino; maaari kasing lagyan ng isang tao ng pilat ang kanyang sarili. O, marahil, hindi natin alam kung ano ang itsura ni Jesus, ang nasa atin lang ay—ay—ay ideya ng pintor, sikolohiya nun, kung ano bang itsura Niya; may sarili si Hofmann, may sarili rin si Sallman, at napakarami pa nila!

Pero papaano n'yo Siya makikilala? Sa pamamagitan nga ng Kanyang Buhay.

¹⁸⁸ Kaya naman, kung tatayo ang isang tao rito na may bakas ng tinik sa kanyang kamay, at ano pa, isa 'yung panggagaya; dahil, sa pagparito ni Jesus Mismo, makikita Siya ng bawat mata, luluhod ang bawat tuhod, at ipapahayag ito ng bawat dila. Tunay.

¹⁸⁹ Pero ang Kanyang Espiritu ay narito, kita n'yo. At kung magagawa lang natin na umayon sa Kanya ang mga kaisipan natin. "Magkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip na nakay Cristo rin naman." Siya ang Salita, at sinabi ng Biblia na, "Ang Salita ng Diyos." Na, ilan sa mga narito ang nakakaalam na si Jesus

ang Salita? Sa Biblia, sa Mga Hebreo 4, at sinabi dun ng Biblia, “Ito’y mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim, at Kumikilala ng pag-iisip ng puso.” Ngayon, ’yun nga ’yung naroon noon kay Solomon, (Ang Salita, Diyos) kaya nagagawa niyang kilalanin ang kanilang pag-iisip. Nandun din ’yun kay Jesus, kita n’yo. Yun din ang nandito ngayon, siya ring Bagay.

¹⁹⁰ Ngayon sa inyo na mga nariyan. Hindi po ako magtatawag ng pila para sa pananalangin, dahil tatawag ako ng pagdulog sa altar. Marahil may mga narito na hindi pa nakakapunta ni minsan noon sa mga pagtitipon. Wala po akong nakikita rito sa gusali, na aking—na aking kakilala.

¹⁹¹ May nakapagsabi sa akin na nasa mga tatlumpu kagabi, o higit pa, ang natawag. Napagtatanto n’yo ba ’yung minsan na may babaing humipo sa Kanyang damit, at Siya’y bumaling, at nangyari ang siya ring bagay na ’yun, at—at lumabas ang bisa mula sa Kanya, sa Kanya na Anak ng Diyos? Pero nagsabi nga Siya, “Lalong dakila kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako’y paroroon na sa Ama.”

¹⁹² Ngayon kayo lamang ay manampalataya at magtaglay ng pananampalataya, bawat isa sa inyo, na mga nasa buong paligid dito, sa mga latag, stretcher, nasaan man kayo. Kayo’y manampalataya! Huwag n’yong isiping wala kayong kapagapagasa.

¹⁹³ Ngayon kung may kakayahan lang sana akong pagalingin kayo, pagagalingin ko kayo, pero hindi ko kayang pagalingin kayo. Maaari kong ipatong ang aking mga kamay sa inyo, at ’yan ang nilalayan kong gawin, sa bawat isa na may card. At araw-araw ay namimigay sila rito ng mga card. Kaya ’yan ang nilalayan kong gawin, pero ’yan nga’y, ’yan ay, ’yan ay para ipabatid lamang na sumasampalataya ako kasama n’yo.

¹⁹⁴ Pero, tingnan n’yo, bakit hindi n’yo Siya hipuin? Sabi ng Biblia, “Siya ay Dakilang Saserdote,” ngayon mismo, “na maaaring mahipo sa ating mga kahinaan.” Tama po ba? Buweno, kung Siya nga ay Dakilang Saserdote, kung gayon ay kikilos Siya nang siya ring pagkilos gaya ng ginawa Niya nung una. Hindi ba’t ’yun ang gagawin Niya? Tunay na kikilos Siya sa gayunding paraan na ’yun na ginawa Niya nung una. Sige, ngayon ay hipuin n’yo Siya gamit ang pananampalataya.

¹⁹⁵ Ngayon, Makalangit na Ama, ang pagtitipong ito’y sa Iyo. Pero ako’y nagturo lamang ngayong gabi tungkol sa munting babaing ito na nakakita ng isang bagay na tunay, nung makita niya ang espiritu na ’yun ng espirituwal na pagkilala na nakay Solomon. At kami’y nakakatiyak, Panginoon, na ang Iyong mga Salita ay totoo. Iyong sinabi na babalik ’yun uli, gaya nung dun sa mga araw ng Sodoma, bago lamang ang Pagparito; at Ikaw nga’y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang mga gawang Iyong ginawa, ay gagawin din naman namin. At Ikaw

ay Dakilang Saserdote, ngayong gabi, na maaaring mahipo sa aming mga kahinaan. Gaano pa bang karami ang kailangan naming katunayan?

¹⁹⁶ Gaano pa bang karaming katunayan ang kailangan ng mga Judiong 'yun, para makita nilang Siya ay Propeta? Naglihi ang isang dalaga, at lahat na ng mga bagay na ito, pero, sila, sila'y binulag ng mga kredo nila.

¹⁹⁷ Panginoon, may ilan po ang sadyang naparito, marahil di buhat sa Sheba, ngunit nanggaling din naman sa malalayong lugar. Dalangin ko po, Diyos, na Iyo pong ipakikilala ang Iyong Sarili ngayong gabi, na totoo. At pagkatapos Iyong ipakikilala ang Sarili sa kanila, gaya ng kalikasan ng pagiging nanay na naroon sa munting usa na kumilos nung araw na 'yun. Kami'y sa Iyo, Ama. Mangusap Ka po sa amin, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁹⁸ Ngayon nais kong magkaroon kayo ng pananampalataya at manampalataya kayo, bawat isa sa inyo, sa buong paligid dito. At sadyang manalangin po. Ngayon huwag . . . Tumuon lang po kayo at manalangin ngayon, at manampalataya lamang. Kita n'yo, marahil hindi, marahil hindi nalulugod ang Espiritu Santo na gawin ang bagay na ito. Kung hindi Siya nalulugod, tatawag ako ng pila para sa pananalangin. Pero manatili lang po kayong nakatayo rito. Sinuman kayo na nariyan, kahit kayo ma'y . . . wala man kayong mga prayer card. Sadyang—sadyang ang lahat ay sadyang—sadyang manalangin. Hayan nga't, di ko malalaman, pero manalangin lamang po kayo at makikita n'yo. Sabihin n'yo lang, "Panginoong Jesus, alam ko pong hindi ako nakikilala ng lalaking ito. Wala siyang nalalaman tungkol sa akin, pero nalalaman ko sa sarili ko na sumasampalataya ako."

¹⁹⁹ Yang pananampalataya n'yo ay di n'yo 'yan namamalayan. Huwag n'yong puwersahin maigi, o madaliin. Malalayo kayo sa kakamadali. Nandiyan na 'yan sa inyo. Pakalmahin n'yo lang ang inyong sarili at manampalataya. Sadyang manampalataya lamang ngayon, sumampalataya. [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon, ang nagbibigay ng marubdob na tagubilin—Pat.] Amen. At maging mapitagan lamang, sadyang manampalataya po, manampalataya po lamang. Minsan 'yang pananampalataya n'yo ay di n'yo 'yan namamalayan, nandiyan na 'yan sa inyo at di mo 'yun namamalayan. Yung munting babae'y nasa kanya na pala 'yun; di pa lang niya alam noon.

²⁰⁰ Ilan po sa inyo ang nakakita na dun sa litrato ng Anghel ng Panginoon, 'yung Liwanag na 'yun? Iyon, ito'y nakunan dito sa Texas mismo. Ito'y nadala na, sa buong mundo ngayon.

²⁰¹ Pero ano ang iyong palagay, ginoo? Sumasampalataya ka ba, nakaupo rito sa sulok? Mukha ngang nakatuon ka nang may labis na pananabik. Marami kang suliranin sa iyo. May mga komplikasyon ka, marami. Ngayon nung sabihin ko 'yun sa iyo, nakaramdam ka ng kakaibang pakiramdam, hindi ba?

Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Ngayon ako'y ganap na estranghero sa iyo, hindi kita kilala. Tama. Alam mo ba? Yung Liwanag na 'yun ay tumigil mismo sa ibabaw mo. Kita mo? Yun 'yung naramdaman mo, para bang tunay na kalugud-lugod na pakiramdam. Pinagmamasdan ko Iyon, kita mo, na bumababa mismo.

²⁰² Ngayon, siyanga, narito ka, nagnanais kang maipanalangin bago ka lumabas ng gusaling ito. Kung ihayag sa akin ng Diyos ang iyong suliranin, at ikaw sa pagkakaupo mo riyon, at ako naman dito, sasampalataya ka ba na ang Diyos ito? May hernia ka, isa sa malaking pinoproblema mo. Tama. Tama ba? Kung sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka, kung anong pangalan mo, may mainam ka ngang ugnayan sa Kanya ngayon, kaya ikaw ba'y sasampalataya na ako'y propeta Niya, o lingkod Niya pala? Paumanhin po, katitituran kasi 'yun sa marami, kita n'yo. Sasampalataya ka ba? Ang pangalan mo ay G. Sturgeon. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Sampalatayanan mo ito, at gumaling ka na.

²⁰³ Heto ang isang binibini na nakaupo sa likod diyan, itim ang buhok, dito mismo sa may pasilyo. Opo, ikaw po. Namangha ka nung masaysay 'yun. Ngayon sa mga oras na ito para bang may naramdaman kang kakaiba, kita mo, tunay na kalugud-lugod na bagay na bumalot sa iyo. Kung may titingin nga dito, kung makikita n'yo Ito, para bang nagbabaga ang kulay ng Liwanag na ito na bumababa sa munting binibini rito. Ngayon ito nga ang suliranin niya, may mga sakit ng ulo siya na nililigalig siya nang husto. Tama 'yun. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay nang paganito. At kailanman ay di ko pa siya nakikita, sa buong buhay ko. Siyanga. Tama. Nililigalig siya masyado ng mga sakit ng ulo na ito, parang migraine, pero lilisanin ka rin ng mga ito. Amen. Sampalatayanan mo ito. Ngayon ang . . .

²⁰⁴ May nakaupong lalaki sa tabi mo riyon, at siya ay nakatuon sa akin nang may lubos na pananabik, at 'yung Liwanag na 'yun ay kumikilos sa ibabaw papunta sa kanya. At ang lalaking ito ay nakakaranas ng problema sa kanyang mga mata. Pero kung sasampalataya lamang siya, pagagalangin ng Diyos ang mga matang ito at pabubutihin ang lagay nito. Ikaw ba'y sumasampalataya? Sige. Hindi pa kita nakikita sa buong buhay ko. Isa kang estranghero sa akin.

²⁰⁵ Sige, ang kabataan naman na nakaupo sa tabi mo riyon, siyanga ring, pinahihirapan din siya ng sakit sa kanyang ulo. Siyanga. Siyanga. Hindi ko pa nakikita ang binatang ito, sa buong buhay ko. Alam 'yan ng Diyos, kita n'yo. Sige, ikaw nga'y manampalataya.

²⁰⁶ Ang lalaki naman na nakaupo sa tabi mo, na nakasalamin, nakatingin sa gawi rito. Oo, nakasuot ka nga ng salamin, pero hindi talaga riyon ang suliranin mo. May problema ka sa likod

mo, na ninanais mong maipanalangin. Kung tama 'yun, iyong iwagayway ang kamay mo. Sige.

²⁰⁷ Diyan naman sa kabataang nakaupo sa tabi mo, sa kasunod mo lang. Napakarami niyang suliranin, ang kabataang lalaking ito. Siyanga, po, ikaw na may pulang kurbata, marami kang suliranin sa iyong pamilya at iba pang bagay. Halimbawa, ang asawa mo ay may pagka-nerbiyosa, at ikaw ay pinahihirapan ng kung anong presyon diyan sa ulo mo, rin. Ito nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Totoo 'yun. Siyanga. Basta't manampalataya ka lang. Huwag kang mag-alinlangan, bagkus manampalataya ka.

²⁰⁸ Heto naman ang isang babae na nakaupo sa likod dito. Hindi ba n'yo nakikita ang Liwanag na 'yun na kumikilos sa dako sa likod, at huminto sa dako rito? Pinahihirapan siya ng sakit sa mata, at ng kanyang pantog. Oh, mapapalampas niya Ito. Panginoong Diyos, tulungan Mo po ako. Ang pangalan niya ay Gng. Chambers. Manampalataya ka nang buong puso mo, Gng. Chambers. Tumayo ka. Tumayo ka, para makita ng mga tao kung sino ka. Ako'y estranghero, di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Oo. Tapos na po. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

²⁰⁹ Ngayon kung hindi 'yan si Jesus Cristo, na siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman, nasaan Siya? Nangako ba Siyang gagawin ito? Lahat ng nananampalataya, itaas n'yo ang inyong kamay. Sige.

²¹⁰ Nagnanais ba kayong maging tunay na Cristiano, kayo na mga nagsipagtaas ng inyong kamay kanina; kung paanong ang kalugud-lugod na usang 'yun ay isang nanay? Habang narito ang Espiritu Santo, at ang pahid ay nandito sa buong paligid natin, bakit hindi po kayo dumulog dito, at tumayo rito sa may altar, pansumandali. Kung inyo pong hinahanap ang Diyos para maligtas, maaari po bang lumapit kayo rito, at dumulog lang dito sa may altar at tumayo rito kasama ko nang kaunting minuto? Tumayo po. Sige lang. Sige po. Pagpalain kayo ng Diyos. Kahit sino po na nandito sa gusali, nasaan man kayo, maaari po bang lumapit kayo? Sige po. Pumunta na kayo rito, kayo na nagnanais masumpungan si Cristo.

²¹¹ Hindi ka nga magiging mas malapit pa sa Kanya kahit kailan hanggang sa makatagpo mo Siya. Narito Siya. Siya'y naipakilala na, isang bagay na totoo. Kayo'y kaanib sa iglesya, marami sa inyo ang miyembro sa iglesya ngayon, kasapi kayo sa iglesya pero 'yun lang ang taglay-taglay n'yo, nagnanais nga kayong makakita ng isang bagay na totoo talaga. Kung di pa naman 'yan ang klarong-klarong pagpapakilala ni Jesus Cristo sa Kanyang Sarili!

²¹² Tingnan n'yo po ang munting batang ito na lumapit dito, umiiyak, may mga luhang tumutulo sa munti niyang mukha. Walang pasubali, na musmos sila. Hindi pa sila nababatak sa

lahat ng bagay. May isa pang naglalakad ngayon sa pasilyo, may isa pang galing sa likod, papunta na rito, maliliit na bata, samantalang pinalalampas lang ito ng mga matatanda. Maaari po ba kayong magsilapit na? Lumapit po kayo rito ngayon at tumayo sa paligid ng altar. Kayo na mga miyembro sa iglesya, kayo na nagnanais ng karanasan kay Cristo sa kanilang puso, maaari po bang magsilapit na kayo rito? Kung nalalaman nga niya ang inyong puso, at alam n'yo na di n'yo ito maililihim, maaari bang lumapit na po kayo ngayon dito at tumayo rito, bago tayo magpatuloy. Sige't lumapit lang, tumayo rito para sa kaunting pagdulog na panalangin. Magagawa n'yo po ba?

213 Halina kayo, ipakita n'yo, tumayo kayo para sa Kanya. Tumayo kayo para sa Kanya. Kung ikinahihiya n'yo Siya ngayon, ikahihiya Niya kayo sa dako roon.

214 Alalahanin n'yo, nandito Siya ngayon. Sinabi ng Kasulatan na mangyayari ang ganitong bagay, at heto na nga Siya na ipinakikilala na ang Kanyang Sarili na narito na talaga mismo. Kung kayo ay mga miyembro lamang ng iglesya, at hindi pa nakikilala si Cristo bilang tunay na karanasan, maaari lamang po bang lumapit na kayo sa oras na ito? Ngayon, hindi ko po kayang mangumbinsi ng tao. Ang tanging bagay na masasabi ko, ay isaysay sa inyo ang Katotohanan, at kung narito ba ang Presensya ni Cristo, kalakip ng Kanyang Salita na inihahayag na.

215 Diyan sa itaas sa balkonahe, kayo na mga nagsipagtaas ng inyong mga kamay; kapatid na babae, kapatid na lalaki, kung gusto n'yo pong bumaba, hihintayin namin kayo rito. Bumaba lang kayo, at magtipun-tipon sa paligid ng altar, sa kaunting pagdulog na panalangin. Ipaalam n'yo sa mundo, ipaalam n'yo kay Jesus na kayo'y hindi nahihiya, na nagnanais talaga kayo na maging tunay na Cristiano. Maaari ba kayong lumapit na, habang naghihintay tayo ng isang sandali o dalawa?

216 Kaanib sa iglesya, malahininga, tumalikod sa pananampalataya, maaari bang lumapit na kayo at tumayo rito kasama nila ngayon? Lumapit na kayo at tumayo kayo sa tabi nila, kayo na mga hindi pa, kung hindi pa n'yo tinataglay ang karanasan sa Diyos, na kayo'y maipanganak sa Kaharian ng Diyos, na maging ganoon nga.

217 Ano pa bang gusto n'yong makita? Alalahanin, sinasabi ko ito sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, kung ako'y itinuturing n'yong lingkod Niya, ito na ang huling tanda na makikita ng iglesya, ayon sa Kasulatan. Yun ang huling tanda na nakita ni Abraham na naipangyari bago dumating ang pangakong anak. At tayo ang maharlikang Binhi ni Abraham, at ipinangako ni Jesus na ang maharlikang Binhi'y makikita ang siya ring bagay na nakita noon ni Abraham, bago lamang ang pagkasunog ng daigdig ng mga Gentil. Huwag n'yo itong ipagpaliban dahil sa

kung anong bagay riyan. Sinisikap ni Satanas na kunin ang inyong pansin para alisin n'yo ang pagkakatuon n'yo. Lumapit na kayo, habang . . .

May isang Bukal na puno ng Dugo,
Na mula sa mga ugat ni Emmanuel tumutulo,
Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng dugo,
Mga mantsa ng pagkakasala'y agad naglalaho.

Naghihinalong kawatan ay nasiyahan nang
masulyapan

Ang Bukal na iyan sa kanyang kapanahunan;
Maging ako man, gaya niya sa karumihan,
Lahat ng pagkakasala ko'y nahugasan.

218 Maaari ba kayong lumapit na't tanggapin na ito ngayon? Naghihintay ako nang kaunti pang sandali, baka mayroon pang lalapit at tatayo rito para sa pananalangin.

219 Ngayon hinihiling ko sa mga ministro rito, mga kapatid, na pumarito kayo at tumayo kasama ko, sa palibot, habang tayo'y mananalangin; at sa mga ministrong nariyan, na may malasakit din naman, at heto ang ilang mga tao sa inyong pamayanan, na pupunta sa inyong simbahan o—o anupaman, na kayo'y may malasakit sa—sa mga kaluluwang ito na makalapit kay Cristo, at nananampalataya nga kayo na ito talaga si Jesus Cristo.

220 Ngayon, tandaan n'yo nga, hindi ako si Jesus Cristo. Ako'y inyong kapatid, isang makasalanang naligtas sa pamamagitan ng biyaya. Ako'y gaya rin n'yo naman. Pero si Jesus Cristo nga, ang Espiritu Santo ang narito sa atin ngayon, tinutupad ang Kanyang Salita. Hindi naman Niya kailangang gawin ito, pero nangako nga Siyang gagawin Niya ito. Hindi naman kailangan ni Jesus na magpagaling ng mga maysakit, pero sinabi nga ng Biblia, "Ginawa Niya ito, upang matupad ang pangako tungkol sa Kanya."

221 Ngayon, hindi natin alintana anumang pangalan ng iglesia ang kinabibilangan n'yo; kung kayo ay nananampalataya na si Jesus Cristo ay narito talaga, kung kayo ay nananampalataya na may karanasan ng muling kapanganakan, ng bautismo ng Espiritu Santo.

222 Mga ministro, lumapit na kayo mismo, dito sa mga tao rito. Pumarito kayo mismo sa kanila, patungan n'yo sila ng inyong mga kamay. Tayo'y maghahandog ng pananalangin para sa kanila. Hinihiling ko po sa kongregasyon natin dito na kayo'y maging mapitagan sa abot ng makakaya n'yo pansumandali. Malalaman natin ang pagkilos na gagawin ng Espiritu Santo! Sige po, lumapit lang, sumama kayo sa mga tao. Palibutan n'yo sila, bawat isa.

223 Ngayon alalahanin n'yo, may isang bagay lang na maaari n'yoong gawin, 'yun ay tanggapin ang ipinangako Niya sa inyo.

Nakikita n'yo na ba ang realidad ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo?

²²⁴ Ngayon hinihiling ko sa kongregasyon na tumayo lamang nang ilang minuto, bilang pamimitagan at paggalang sa kanila. Bawat isa sa inyo ay manampalataya na ngayon. Ihayag n'yo ang lahat ng mga bagay na inyong nagawa, 'yun lang ang maaari n'yong gawin, at humingi kayo sa Diyos na patawarin kayo. At tanggapin n'yo Ito, sampalatayanan Ito. Ngayon ang bawat isa ay manalangin sa sari-sarili nilang paraan.

²²⁵ Makalangit naming Ama, kami po'y dumudulog sa Iyo, kasama ang mga kaluluwa rito na nagsisisi. Ang munti ngang kuwentong 'yun, tungkol sa nanay na usa, ay tumimo nang husto sa pinaka kaibuturan, na ang mga tao ay maibunsod sila na gumawa ng isang bagay, o makita ang isang bagay na tunay; gaya nung reyna na 'yun ng Katimugan, na nanggaling pa sa wakas ng lupa, upang pakinggan ang karunungan ni Solomon. At isang lalo pang dakila kaysa kay Solomon ang narito, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, si Jesus Cristo ng Nazaret! Iyo pong iligtas sila, Ama. Patawarin ang kanilang pagkakasala. Hugasan ang kanilang mga kaluluwa ng Dugo ng Cordero, at bigyan sila ng karanasan na maipanganak na Cristiano. Wala ng ibang hayop, wala nang anupaman, ang makakagawa ng bagay na 'yun, kundi ang nanay na usa lamang. Yun kasi siya. Iyo pong pagkalooban kami ng ganung karanasan, Panginoon, ngayon, isang karanasan na maipanganak muli, sa Kaharian ng Diyos, habang narito ang Espiritu Santo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²²⁶ Ngayon inyo pong ipikit ang inyong mga mata, itaas n'yo ang inyong mga kamay, at sabihin n'yo, maghayag kayo ng pagtatapat, sabihin, "Jesus, ako'y sumasampalataya na ngayon. Kunin Mo ako sa katayuan kong ito. Wala po akong anumang magagawa. Iyo pong pagalingin ang katawan kong lipos ng karamdaman. Kunin Mo ako, Panginoon. Nananampalataya akong narito Ka, ang Espiritu Santo ay narito't ipinakikilala ang Kanyang Sarili. Iyong iligtas ako sa pamamagitan ng Iyong biyaya, Panginoon. Ito lamang ang nalalaman ko na magagawa ko. Sa Pangalan ni Jesus Cristo!"

Kapatid na Grant, maaari mo bang pangunahan kami sa pananalangin?



ISANG LALONG DAKILA KAYSA
KAY SOLOMON ANG NARITO NGAYON TAG64-0306
(A Greater Than Solomon Is Here Now)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Marso 6, 1964 sa Soul's Harbor Temple sa Dallas, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org